HULING BABALA SA SANLIBUTAN

ANG NEW WORLD ORDER AY DARATING!

■ **Nais ito ng mga lider ng sanlibutan**
■ **Ito'y maraming suporta**
■ **Inihula 2000 taon na ang nakalilipas**
■ **Malapit nang darating**
■ **Ito ay bibihag sa sanlibutan**

■ **Papaano maiwasan ang maging biktima**
■ **Ang bigla at lubusang pagbagsak nito ay inihula**
■ **Ito ay nasa tamang panahon**
■ **Ang tunay na bagong kaayusan**

"Ito ay isang malaking ideya: isang bagong pansanlibutang kaayusan, kung saan ang iba't-ibang bansa ay magtitipon para sa iisang layunin... tanging ang Estados Unidos lamang ang may moral na katayuan at kakayahan na itaguyod ito." George Bush, State of the Union address, *Los Angeles Times*, Feb.18,1991.

"Sa ilalim ng magiting na pamumuno ni Papa Juan Paul II ay pinanungkulan ng Estado ng Vatican ang takdang lugar nito sa sanlibutan bilang isang internasyonal na tinig. Nararapat lamang na ang bansang ito ay magbigay galang sa Vatican sa pamamagitan ng may diplomasyang pagkilala nito sa kaniya bilang isang pansanlibutang estado" Dan Quayle, *Appeal to the US Senate*, Sept. 22, 1983.

"Iginigiit niya (Juan Paul II) na ang tao'y walang pag-asang makalikha ng isang buhay na sistemang geopolitical, malibang ito'y base sa Kristiyanismong Romano Katoliko." Malachi Martin, *Keys of this Blood*, page. 492.

"United Nations-Ang mga lider ng mga bansa ng Security Council ay nasa New York ngayon sa kanilang unang pagpupulong, na nahahandang magluklok sa United Nation bilang sentro ng isang bagong pansanlibutang kaayusan at lumikha ng isang polisiya sa paglikha ng kapayapaan at pagkontrol ng armas...

Ang pagtitipon ng mga lider ng 15 mga bansa ng Security Council ay tanda ng unang pagkakataon mula nang pagkatatag ng pansanlibutang organisasyon noong 1945 na kung saan ang council, na siyang pinakamakapangyarihang kapulungan ng U.N. ay nagtipon sa pinakamataas na antas." *Birmingham News*, Enero 31,1992.

"Makikita nating may edad sisiyenta pababa na nakaluklok ang saligang estraktura ng bagong pansanlibutang gobyerno. Yaong edad kwarenta pababa ay tiyak na mabubuhay sa ilalim ng kaniyang lehislatura, pampangasiwaan at judisyal na awtoridad at kontrol. Sa katunayan, ang tatlong magkakatunggali mismo -at marami pang iba sa paglipas ng panahon- ay nagsasabi ukol sa bagong pansanlibutang kaayusang ito na hindi isang bagay na nalalayo, kundi isang bagay na nalalapit." Malachi Martin, *Keys of This Blood*, page 15-16.

"Pangarap na Kaayusan. Gaya ng maraming mga rebolusyonaryong ideya ang United Europe ay hindi isang bagong kuru-kuro kundi isang nabuhay muli. Ang pangarap na kaayusan at pagkakaisa na minsa'y inilarawan sa Roma ng mga Caesars ay nabuhay sa panahon ng Middle Ages (ang panahong ito ay tinawag na Madilim na Panahon) hindi lamang sa Iglesiya Romano Katoliko kundi sa Banal na Emperyo ng Roma." *Time*, Okt. 6, 1961.

"Ang napagkasunduan sa ilalim ng Treaty ng Roma sa Common Market ay isang mahigpit na tali,mahigpit na sentralisado,mahigpit na napamumunuan, mahigpit na kontroladong bagong pamahalaan, na malinaw na nagtatangkang maisauli ang ekonomikang struktura ng Banal na Emperyo ng Roma sa Europa." *Christian Science Monitor*, 1962. ❑

"Payag man o hindi, handa man o hindi, tayo ay nasasangkot sa isang lubusan, hindi mapipigilang tatlong global kompetisyon. Gayunman, karamihan sa atin ay hindi kumpetitor. Tayo ang nakataya. Sapagkat ang kumpetisyon ay ukol sa kung sino ang makapagtatatag ng unang pansanlibutang sistema ng gobyerno na hindi namalas kailanman sa sosyedad ng mga bansa... Ang kumpetisyon ay lubusan sapagkat ngayon na ito'y nagpasimula na wala nang balikan pa o wala nang makakapigil." Malachi Martin, isang Jesuit at Vatican insider, *Keys of This Blood*,15.

Ang Estados Unidos ng Amerika—Ang Kapapahan—Ang United Nations

Maghahari bang muli ang Papa sa Sanlibutan?

Hindi layunin ng babasahing ito ang tuligsain ang indibidwal, kundi upang talakayin ang kasaysayan at inihulang hinaharap ng sistema ng Katoliko o relihiyon.

Nakamamatay na Kompromiso

Si apóstol Pablo, sa ikalawa niyang sulat sa mga taga-Tesalonica, na naghula ukol sa dakilang pagtalikod na magiging daan sa pagkatatag ng kapapahan ay nagpahayag na ang kaarawan ni Kristo ay hindi darating, "maliban nang dumating muna ang pagtaliwakas, at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan, na sumasalansang, at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Diyos o sinasamba; anupa't siya'y nauupo sa templo ng Diyos na siya'y nagtatanyag sa kanyang sarili na tulad sa Diyos" At pinagpapaunahan pa ng apostol ang kanyang mga kapatid na "ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na" 2 Tesalonica 2:3-4, 7. Noon pa mang kapanahunan niya ay nakita na niyang pumasok sa iglesya ang mga kamalian na maghahanda ng daan sa paglago ng kapapahan.

Unti-unti sa pasimula at dahandahan at tahimik, at pagkatapos, nang lumakas na at makapaghari na sa isipan ng mga tao, lantaran nang ipinagpatuloy ng "hiwaga ng kasamaan" ang kanyang maraya at mapamusong na gawa. Ang mga kaugalian ng mga pagano ay nakapasok sa loob ng iglesiya Kristiyana na halos di-namamalayan. Ang diwa ng pakikipagkompromiso at pagsang-ayon ay ilang panahon ding napigil ng mahigpit na pag-uusig na tiniis ng iglesiya nang kapanahunan ng paganismo. Datapuwa't nang huminto na ang pag-uusig, at pumasok ang Kristiyanismo sa loob ng korte at mga palasyo ng mga hari, ay isinantabi na niya ang mapagpakumbabang kasimplihan ni Kristo at ng mga alagad, upang palitan ng karangalan at kapalaluan ng mga sasaerdote at mga punong pagano; at sa mga utos at bilin ng Diyos ay ipinalit niya ang pala-palagay at sali't saling sabi ng mga tao. Ang nominal na pagkahikayat ni Konstantino,noong unang bahagi ng ikaapat na dantaon ay naging dahilan ng malaking katuwaan; at ang sanlibutan na nababalat-kayuan ng anyo ng kabanalan ay pumasok sa iglesiya. Ang paganismo, bagaman waring nalupig sa palagay ay siya ring nagtagumpay. Ang diwa nito ay naghari sa iglesiya. Ang aral nito, seremonya, at pamahiin ay nalakip sa pananampalataya at pagsamba ng mga nagsasabing sumasamba kay Kristo.

Taong Makasalanan

Ang kasunduang ito ng paganismo at Kristiyanismo ay nauwi sa pagbangon ng "taong makasalanan" na ipinagpapaunang sinabi ng hula na sasalansang at magmamataas laban sa Diyos. Itong dakilang sistema ng bulaang relihiyong ito ay kagagawan ng kapangyarihan ni Satanas-isang monumento ng kaniyang mga pagsisikap upang iupo ang kaniyang sarili sa trono upang maghari sa sanlibutan ayon sa kaniyang nais.

> **"**Hawak namin sa lupang ito ang lugar ng **Makapangyarihang Diyos."** ***Pope Leo XIII*****, sa isang Encyclical Letter June 20, 1894.**

Minsa'y sinikap ni Satanas na makipagkasundo kay Kristo. Doon sa ilang ay nilapitan niya ang Anak ng Diyos upang tuksuhin, at pagkatapos na maipakita ang lahat ng kaharian sa sanlibutan at ang kaluwalhatian ng mga yaon, ay nangako na ibibigay niya ang lahat ng iyon sa Kanyang mga kamay kung kikilala lamang Siya sa kapangyarihan ng prinsipe ng kadiliman. Sinaway ni Kristo ang pangahas na manunukso at pinilit siyang umalis. Datapuwa't si Satanas ay nananagumpay kapagka inihaharap niya sa mga tao ang tukso ring yaon. Ang iglesya, upang magtamo ng kayamanan at karangalang ukol sa sanlibutan, ay

CHURCH OF ST. PETER, ROME

humanap ng lingap at tangkilik sa mga dakilang tao ng lupa, at dahil itinakuwil na si Kristo, siya'y nahikayat na magbigay galang sa kinatawan ni Satanas- ang obispo ng Roma.

Saligan ng Kamalian

Isa sa pangunahing aral ng Roma ay ang aral na ang papa ang siyang nakikitang puno ng pansanlibutang iglesiya ni Kristo, na nababalutan ng lubos na kapangyarihan sa mga obispo at mga pastor sa lahat ng dako ng sanlibutan. Bukod dito, ang papa ay binigyan ng titulong ukol sa Dios. Siya'y tinatawag "Panginoong Dios na Papa", at itinanghal na hindi nagkakamali. Hinihingi niya ang paggalang ng lahat ng tao. Ang pag-aangking ginamit ni Satanas sa ilang ay siya pa ring ginagamit niya sa pamamagitan ng Iglesiya ng Roma, at marami ang handang magbigay galang sa kaniya.

Subalit ang may takot at paggalang sa Dios ay haharapin ang pangahas sa Langit na pag-aangking ito gaya ng pagharap ni Kristo sa mapanlinlang na kaaway: "Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran." Lucas 4:8. Kailanma'y hindi nagbigay pahiwatig ang Panginoon sa Kaniyang Salita na itinanghal Niya ang sinoman bilang puno ng iglesiya. Ang aral ukol sa kapangyarihan ng papa ay salungat sa mga turo ng Kasulatan. Ang papa'y hindi maaaring magkaroon ng kapangyarihan sa iglesiya ni Kristo maliban sa pamamagitan ng pagkamkam.

Tagapagpakilala ng Kamalian

Alam na alam ni Satanas na ang Banal na Kasulatan ay siyang sa mga tao'y maaaring magpakilala sa kanyang mga pandaraya, upang mapaglabanan nila ang kanyang kapangyarihan. Sa pamamagitan ng Salita ay napaglabanan ng Tagapagligtas ng sanlibutan ang mga pagsalakay ng kaaway. Sa bawa't salakay ay iniharap ni Kristo ang kalasag ng walang-hanggang katotohanan, na sinabi: "Nasusulat." Sa bawa't mungkahi ng kaaway ay inilaban Niya ang karununggan at kapangyarihan ng Salita. Upang mapanatili ni Satanas ang pigil niya sa mga tao at maitatag ang kapangyarihan ng tao, ay kailangan niyang panatilihin silang walang nalalaman tungkol sa Kasulatan. Itatanghal ng Biblia ang Diyos, at ilalagay ang mga tao sa kanilang talagang dapat kalagyan; kaya nga ang banal na katotohanan nito'y kailangang itago at pigilin. Ang pangangatuwirang ito ay ginamit ng Iglesya Romana. Sa loob ng daan-daang taon ay ipinagbawal ang pagkakalat ng Biblia. Ang mga tao'y binawalang bumasa, o magkaroon kaya nito sa kanilang mga tahanan, at ang mga aral nito'y ipinaliwanag ng mga pari at mga prelado na walang simulain upang patunayan ang kanilang ipinamamarali sa mga tao. Sa ganya'y ang papa ay kinilala halos ng buong sanlibutan na kahalili ng Diyos sa lupa, na pinagkalooban ng kapangyarihan sa iglesya at sa pamahalaan ng bansa. ❑

Pag-ayon sa Paganismo

NANG maalis na ang tagapagpa-kilala ng kamalian ay kumilos na si Satanas ng ayon sa kanyang kalooban.Ang pahayag ng hula tungkol sa kapapahan ay “kaniyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan.” Daniel 7:25. Upang ang mga paganong nahikayat ay mabigyan ng kahalili ng mga diyus-diyusan, ang pagsamba sa mga larawan at mga relikya ay unti-unting ipinasok sa pagsambang Kristiyano. Upang malubos ang kalapastangang ito, ay inalis ng Roma ang ikalawang utos, na nagbabawal sa pagsamba sa diosdiosan, at hinati ang ikasampung utos, upang mabuo ang sampu.

KompromisoNagpatuloy

ANG diwa ng pagsang-ayon sa paganismo ay siyang nagbukas ng daan sa patuloy na pagtanggi sa kapangyarihan ng Langit. Si Satanas, na gumagawa sa pamamagitan ng mga walang kabanalang pangulo ng iglesya, ay nanghimasok din naman sa ikaapat na utos, at sinikap alisin ang dating Sabado, ang araw na pinakabanal ng Diyos, (Genesis 2:2-3), at sa lugar nito'y itinanghal ang kapistahan ng mga pagano bilang “kagalanggalang na kaarawan ng araw.” Sa pasimula ang pagbabagong ito ay hindi hayagang ginawa. Noong mga unang dantaon ang tunay na Sabado ay ipinangilin ng lahat ng Kristiyano. Sila'y naniniwala na ang Kanyang kautusan ay hindi mababago, mahigpit nilang iningatan ang mga utos nito. Datapuwa't sinikap ni Satanas sa pamamagitan ng kanyang mga ahente na maisakatuparan ang kanyang layunin. Upang ang pansin ng mga tao ay maiukol sa Linggo, ay ginawa itong isang kapistahan sa karangalan ng pagkabuhay na mag-uli ni Kristo. Nagdaos ng mga relihiyosong pulong sa araw na iyan, gayon ma'y ipinalagay ito na isang araw lamang ng pagaaliw, at ang Sabado'y ipinangingilin pa rin. Upang mahanda ang daan para sa panukala ni Satanas ay inakay niya ang mga Hudyo na buntunan ang Sabado ng mahihigpit na utos upang maging mabigat na pasanin ang pangingilin nito. Habang patuloy na ipinangingilin ng mga Kristiyano ang Linggo na isang masayang pista ay inakay niya sila, upang ipakita ang kanilang pagkamuhi sa mga Hudyo na gawin ang Sabbath na araw ng pag-aayuno, araw ng kapanglawan at kalungkutan. ❑

Upang Maunawaan Kung Saan Patutungo ang Kapapahan, Alamin Ang Kaniyang Nakalipas

KAUTUSAN NG DIOS

I

Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.

II

Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: Huwag mong yuyukuran sila, o paglilingkuran man sila; sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi mga napopoot sa akin; At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libo-libong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos.

III

Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan.

IV

Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan: Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath at pinakabanal.

V

Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Dios.

VI

Huwag kang papatay.

VII

Huwag kang mangangalunya.

VIII

Huwag kang magnanakaw.

IX

Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa.

X

Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay na iyong kapuwa.

Exodo 20:3-17

KAUTUSAN NG DIOS
NA BINAGO NG TAO

I

Ako ang Panginoon mong Dios. Huwag kang magkakaroon ng ibang Dios sa harap ko.

II

Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Dios sa walang kabuluhan

III

Alalahanin mo na iyong ipangilin ang araw ng sabbath.

IV

Igalang mo ang iyong ama't ina.

V

Huwag kang papatay

VI

Huwag kang mangangalunya.

VII

Huwag kang magnanakaw.

VIII

Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa.

IX

Huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa.

X

Huwag mong iimbutin ang anomang bagay na sa iyong kapuwa.

Katesismo ng Iglesia Katóliko

Pangahas na Pagbabago

SA unang bahagi ng ikaapat nadantaon, ang emperador Konstantino ay nagpalabas ng isang utos na nagtatadhanang ang Linggo ay maging isang kapistahang bayan sa buong Imperyo ng Roma. Ang kaarawan ng araw ay iginalang ng kanyang mga paganong nasasakupan at pinarangalan ng mga Kristiyano. Naging pamamalakad ng emperador na pag-isahin ang mga naglalabang mga interes ng paganismo at Kristiyanismo. Napilit siya sa paggawa nito ng mga obispo ng iglesya na dahil sa kanilang paghahangad at kauhawan sa kapangyarihan ay nag-akalang kung isang araw lamang ang ipangingilin ng mga Kristiyano at mga pagano ito'y makatutulong upang sa paano ma'y tanggapin ng mga pagano ang pananam-palatayang Kristiyano at sa gayo'y lalaki ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng iglesya. Datapuwa't bagaman unti-unting naakay ang mga Kristiyanong may takot sa Diyos na kilalanin na ang Linggo ay mayroong kaunting kabanalan, ay pinanghawakan pa rin nila ang tunay na Sabado na siyang banal ng Panginoon, at ito'y kanilang ipinangilin sa pagsunod sa ikaapat na utos. Hindi pa natatapos ng puno ng mandaraya ang kanyang gawain. Ipinasiya niyang tipunin ang Sangkakristiyanuhan sa ilalim ng kanyang bandila, at gamitin ang kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang kinatawan, yaong palalong pontipisi na nagbansag na kinatawan ni Kristo. Sa pamamagitan ng mga paganong hindi lubos ang pagkakristiyano, ng mga mapag-imbot na pari, at ng mga kasapi sa iglesyang makasanlibutan, ay naisagawa ni Satanas ang kanyang adhika. Malalaking sanggunian ang idinaos sa pana-panahon. Sa halos lahat ng sanggunian ang Sabadong itinatag ng Diyos ay ibinababa ng kaunti samantalang ang Linggo ay siya namang ibinubunyi. Sa ganya'y ang kapistahan ng pagano ay nadakila samantalang ang Sabadong itinuturo ng Biblia ay ipinahahayag na tanda ng relihiyong Hudyo at ang

“Ang linggo ay institusyong Katoliko at ang pag-angkin na ito'y ipangilin ay maipagtatanggol lamang sa Katolikong prinsipyo... Mula pasimula hanggang sa katapusan ng kasulatan walang kahit isang talata ang nagbibigay karapatan sa paglilipat ng lingguhang pagsamba sa huling araw ng sanlinggo sa unang araw.” *Catholic Press*, Sydney, Australia August,1900.

nangingilin nito'y ipinahayag na isinumpa.

Tatak ng Diyos Naalis

Ang bantog na tumalikod ay nagtagumpay sa pagtatanghal ng kanyang sarili "laban sa lahat na tinatawag na Diyos, o sinasamba." Pinangahasan niyang baguhin ang tanging utos sa banal na kautusan na nagtuturo na walang pagkakamali sa buong sangkatauhan sa tunay at buhay na Diyos. Ipinakikilala sa ikaapat na utos na ang Panginoon lamang ang siyang lumalang ng langit at ng lupa, at sa gayo'y natatangi sa mga ibang hindi tunay na diyos. Ito'y isang alaala ng paglalang, kaya't ito'y pinakabanal upang ipagpahinga ng mga tao. Iya'y pinanukala upang maingatang lagi sa isipan ng mga tao na ang Diyos ay bukal ng buhay at dapat igalang at sambahin. Pinagsisikapan ni Satanas na ilayo ang mga tao sa paggalang sa Diyos at pagsunod sa Kanyang utos, kaya naman ibinuhos niya ang kanyang atake laban sa utos na nagsasabing ang Diyos ang Manglalalang.

Paganismo sa Kapapahang Roma

NANG ikaanim na dantaon ang kapapahan ay natayo nang matibay. Ang kanyang luklukan ng kapangyarihan ay nalagay sa lunsod ng imperyo, at ang obispo ng Roma ay ipinahayag na pangulo ng buong iglesiya. Ang paganismo ay hinalinhinan ng kapapahan. Ibinigay ng dragon sa hayop ang kaniyang "kapangyarihan at ang kaniyang luklukan at dakilang kapamahalaan." Apoc. 13:2 At nagpasimula na g 1260 taon ng paguusig ng kapapahan na ipinagpauna sa hula ni Daniel at sa Apoc. Ang mga Kristiyano'y napilitang mamili na isuko ang kanilang malinis na pananampalataya at tanggapin ang mga aral at pagsambang itinuturo ng papa, o mamatay sa loob ng bilangguan, o sa pamamagitan ng iba't-ibang pahirap, o sa tabak kaya ng berdugo. Natupad ang sinabi ni Jesus na: "Kayo'y ipagkakanulo ng kahit mga magulang, at mga kapatid, at mga kamaganak, at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang iba sa inyo. At kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa Aking pangalan." Lucas 21:16-17. Ang pag-uusig ay dumagsa sa mga tapat, pag-uusig na lalong mabangis kaysa lahat ng nangyari nang pag-uusig, at ang sanlibutan ay naging malaking larangan ng digma. May daan-daang taon ang iglesya ni Kristo ay nakasumpong ng kanlungan sa pag-iisa at pagkakatago. Ganito ang sinabi ng propeta: "Tumakas ang babae sa ilang, na roon siya ipinaghanda ng Diyos ng isang dako, upang doon siya ampuning isang libo dalawang daan at animnapung araw." Apoc.12:6 ❑

"Na ang iglesiya ng Roma ay nagbuhos ng mas maraming inosenteng dugo kaysa anomang institusyong namalas ng sangkatauhan, ay hindi maitatanggi ng sinomang Protestante na may sapat na kaalaman sa kasaysayan... Imposibleng magkaroon ng lubos na kaalaman sa karamihan ng kaniyang biktima" Lecky, *History of the Rise and Influence of the Spirit of Rationalism in Europe,* vol.2, p.32, 1910 ed.

"Kinakalkula... ang malamang na 40,000 na pagpatay sa bawat taon ng paghahari ng kapapahan, *The History of Romanism,* p. 541–542.

Madilim Na Panahon Nagpasimula

ANG pag-akyat ng iglesya Romana sa kapangyarihan ay siyang tanda ng pagpapasimula ng Madilim na Kapanahunan. Sa paglaki ng kaniyang kapangyarihan ay kumapal naman ang kadiliman. Ang pananampalataya ay inalis kay Kristo na siyang tunay na saligan, at inilipat sa papa ng Roma. Sa halip na magtiwala ang mga tao sa Anak ng Diyos sa kapatawaran ng mga kasalanan at sa walang-hanggang kaligtasan, sila'y umasa sa papa at sa mga pari at sa mga prelado na pinagkalooban niya ng kapangyarihan. Itinuro sa kanila na ang papa ang siya nilang tagapamagitan dito sa lupa, at walang sinumang makalalapit sa Diyos kundi sa pamamagitan niya; at siya ang lumalagay sa lugar ng Diyos para sa kanila, kaya't kailangang siya'y mahigpit na sundin. Ang paglihis sa kanyang kahilingan ay sapat nang dahilan ng pinakamabagsik na kaparusahan sa katawan at kaluluwa ng mga nagkasala. Sa ganyang kaparaana'y ang isipan ng mga tao'y naalis sa Diyos at naibaling sa nagkakamali, at nagkakasalang tao, oo, anupa't sa prinsipe ng kadiliman mismo, na ginagamit ang kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan nila. Ang kasalanan ay dinamitan ng kabanalan. Kapag ang Kasulatan ay itinatago, at itinatataas ng tao ang kaniyang sarili bilang makapangyarihan, ay kinakailangan lamang hanapin natin ang pandaraya, panlilinlang at mga karumihan. Sa pagtataas ng kautusan ng tao at tradisyon ay nahahayag ang karumihang tuwina'y bunga ng pagtakuwil sa kautusan ng Diyos.

Mga Araw ng Peligro

ANG mga araw na yaon ay araw na mapanganib sa iglesya ni Kristo. Nakaligtaan ang ebanghelyo, datapuwa't ang mga anyo ng relihiyon ay dumami, at ang mga tao'y binuntunan ng mahihigpit na utos. Itinuro sa kanila hindi lamang ang tumingin sila sa papa na pinaka-tagapamagitan nila, kundi magtiwala sa sarili nilang mga gawa na siyang tutubos sa kasalanan. Ang mahahabang paglalakbay,ang pagpipinetensya, ang pagsamba sa mga relikya, pagpapatayo ng mga simbahan, relikaryo, at dambana, pagbabayad ng malaking halaga sa iglesya-ang mga ito at marami pang ibang katulad nito, ay ipinag-utos upang mapalubag ang kagalitan ng Diyos o makamtan ang Kanyang awa; na tila bagang ang Diyos ay katulad ng mga tao, na mapagagalit sa maliliit na bagay, at mapalulubag ng mga kaloob o ng mga pagpinetensya! Waring patuloy rin ang pagkapal ng kadiliman. Lumaganap ang pagsamba sa mga larawan. Sinindihan ang mga kandila sa harapan ng mga larawan at dinalanginan ang mga ito. Samantalang ang mga pari at mga obispo ay mga maibigin sa kalayawan, mga mahahalay, at mga masasama, walang sukat maasahan kundi malubog sa kamangmangan at bisyo ang mga taong tumitingin sa kanila upang patnubayan.

Mayabang na Papa

ISA pang hakbang ng pagpapanggap ang ginawa ng kapapahan, nang noong ika-11 dantaon ay ipinahayag ni Papa Gregorio VII ang kasakdalan ng Iglesya Romana. Ang isa sa mga sinabi niya ay yaong nagpapahayag na ang iglesya ay di kailan man nagkamali, ni hindi rin kailanman magkakamali, ayon sa mga Kasulatan. Datapuwa't ang mga sinabi niyang ito'y walang mga katibayan ng Kasulatan. Inaangkin din ng mayabang na papa ang kapangyarihang mag-alis ng mga emperador at nagpahayag na walang salitang kaniyang sinalita ang maibabalik ng sinoman at may karapatan siyang palitan ang desisyon ng iba. Anong laki ang pagkakaiba ng labis na kapalaluan ng mapagmataas na pontipising ito at ang kaamuan at kapakumbabaan ni Kristo, na ipinakikilalang tumatawag sa pinto ng puso upang makapasok, upang magdala ng kapatawaran at kapayapaan, na siya ring nagturo sa Kanyang mga alagad na: "Sinumang mag-ibig na maging una sa inyo, ay magiging alipin ninyo." (Mateo 20:27). ❑

Lumalim ang Kadiliman

ANG mga sumusunod na dantaon ay sumaksi sa isang patuloy na paglago ng kamalian sa mga aral na itinuturo ng Roma. Noon mang bago pa naitayo ang kapapahan, ang mga turo ng mga pilosopong pagano ay tumanggap na ng pansin at nagkaroon ng impluwensya sa loob ng iglesya. Marami sa nagpapanggap na mga nahikayat ang humahahawak pa rin sa mga aral ng kanilang pilosopiyang pagano, at hindi lamang ipinagpapatuloy nila ang pagaaral nito kundi ipinapayo pa nila ito sa mga iba na isang paraan ng paglaganap ng kanilang impluwensya sa mga pagano. Sa ganya'y naipasok sa

"Ang Papa ay hindi lamang kinatawan ni JesusKristo kundi si JesusKristo mismo, na natatago sa ilalim ng tabing ng laman." *The Catholic National*, July 1895.

pananampalatayang Kristiyano ang malubhang kamalian. Ang lalong kilala sa mga kamaliang ito ay ang paniniwala sa kawalang kamatayan ng tao, at ang paniniwalang ang patay ay may malay. Ang aral na ito ang saligang pinagtayuan ng Roma ng aral na pagdalangin sa mga santo at pagsamba kay Birheng Maria. Mula rito'y bumangon din naman ang maling paniniwala sa walang-hanggang pagpapahirap sa mga di-nagsisi, na noon pa mang unang kapanahunan ay napalahok na sa paniniwalang makapapa.

Nang magkagayo'y nahanda ang daan sa pagpasok ng isa pang

paniniwala na likha ng paganismo, na tinawag ng Roma na purgatoryo, at ito'y ginamit upang takutin ang mga mangmang at mapamahiing karamihan. Sa pamamagitan ng kamaliang ito ay pinatutunayan na mayroong isang pook ng parusahan, na roo'y daranas ang mga kaluluwang hindi nagkamit ng walang-hanggang pagkapahamak, ng parusa sa kanilang mga kasalanan, at kapag nalinis na sila sa lahat ng karumihan ay saka sila tatanggapin sa langit.

Pinansiyal Na Aspeto

KINAILANGAN pa rin ang ibang katha upang makinabang ang Roma sa pagkatakot at bisyo ng kanyang mga kabig. Ito ang aral tungkol sa indulhensya. Ang lubos na kapatawaran sa kasalanan, nang nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap at kapatawaran sa lahat ng hirap at kaparusahang ipapataw, ay ipinangako sa lahat ng magpapatala sa mga pakikidigma ng papa upang maisulong ang kanyang kaharian, parusahan ang kanyang mga kaaway, o kaya'y lipulin yaong mangangahas tumanggi sa kanyang espirituwal na kapangyarihan. Itinuro din naman sa mga tao na sa pagbibigay nila ng salapi sa iglesya ay maililigtas nila ang kanilang sarili sa kasalanan, at mapalalaya ang mga kaluluwa ng kanilang mga namatay na kaibigan na pinahihirapan sa liyab ng purgatoryo.Sa ganitong paraan pinuno ng Roma ang kaniyang kaban at sinuportahan ang karangyaan at bisyo ng mga nagpapanggap na kinatawan Niyang walang mapaghigaan ng Kaniyang ulo.

Manlilikha Nilikha

ANG banal na hapunan na itinuturo sa Banal na Kasulatan ay hinalinhan ng maka-diyus-diyusang paghahain ng misa. Nagkunwa ang mga pari na ang mapiling tinapay at alak ay nagagawa nilang tunay na "katawan at dugo ni Kristo." (Cardinal Wiseman, Lecture 8, sec. 3, par. 26 "The Real Presence".) Hayagang inaangkin nila ang kapangyarihan ng paglalang sa Diyos, na Maylalang ng lahat ng bagay. Ang mga Kristiyano'y inutusan, na may kaparusahang kamatayan, na ilagak ang kanilang pananampalataya sa terible at insulto sa Langit na kamaliang ito. Ang mga tumanggi ay sinunog.

Milyong mga Martir

SA ikalabintatlong siglo ay naitatag ang pinaka-malalang kasangkapan ng kapapahan-ang

"Humingi ng kapatawaran si Papa Juan Paulo II sa mga Katolico-Protestanteng labanang naganap sa Europa sa panahong Kontra Repormasyon.." *U.S. News aned World Report*, July 3, 1995.
Ito at kaparehong mga balita ay isang hindi tuwirang pag-amin sa responsibilidad ng milyong martir sa panahon ng Madilim na Panahon. Inihula ng Biblia na sa ilalim ng mahirap na kalagayang hinaharap natin, ang Kapapahan at mga sumusuporta sa kaniya ay muling gagamit ng kapangyarihang sibil upang kontrolin ang mga sasalungat.

Inquisisyon. Ang prinsipe ng kadiliman ay kumilos sa pamamagitan ng mga lider ng kapapahan. Sa kanilang mga lihim na kunsilyo ay kinontrol ni Satanas at ng kaniyang mga anghel ang isipan ng mga masasamang tao, samantalang sa kalagitnaan nila ay isang di nakikitang anghel na nagtatala ng katakot-takot nilang mga utos, at isinusulat ang tala ng mga gawaing kakila-kilabot ipakita sa mata ng tao. Ang kawawang anyo ng milyong mga martir ay umiyak sa Diyos upang humingi ng katarungan laban sa kapangyarihang tumalikod.

Lubos na Kadiliman

ANG kapapahan ay naging hari-harian sa buong sanlibutan. Ang mga hari at mga emperador ay yumukod sa mga pasiya ng pontipising Romano. Ang kapalaran ng mga tao, sa panahong ito at sa walang-hanggan ay wari mandi'y nasa ilalim ng kanyang kapamahalaan. Sa loob ng daan-daang taon, ang mga aral ng Roma ay mahigpit na tinanggap sa lahat ng dako, ang kanyang mga ritos ay magalang na ginanap, ang kanyang mga kapistahan ay ipinangilin ng lahat. Ang kanyang mga pari ay iginalang at sinuportahan. Kailan ma'y ang Iglesya Romana ay hindi umabot sa lalong malaking karangalan, kadakilaan, o kapangyarihan, kundi nang panahong yaon.

Di-Mapigilang Bisyo

DATAPUWA'T "ang katanghaliang tapat ng kapapahan ay siyang hatinggabi ng sanlibutan." —Wylie, *The History of Protestantism*, I, kap. 4. Ang Banal na Kasulatan ay halos hindi na kilala, hindi lamang ng mga tao, kundi pati ng mga pari. Nang maalis na ang kautusan ng Diyos na siyang patakaran ng katuwiran, ay malabis na nilang ginamit ang kanilang kapangyarihan, at nagbisyo na sila ng walang pigil. Sa loob ng maraming panahon, ang Europa ay walang ikinasulong sa kaalaman, sa sining, o sa kabihasnan. Dinapuan ng paralisis ang moral at ang pag-iisip ng Sangkakristiyanuhan.

Mga Repormador Nagprotesta

ANG kakulangan ng kaalaman sa Salita ng Dios ang nagbigay daan sa Kapapahan upang maghari sa sanlibutan sa panahon ng Madilim na Panahon. Sa pagtatapos ng panahong iyon, nang ang pagkaunawa sa Salita ng Dios ay nagpasimula, ang mga tao'y nag-umpisang magprotesta laban sa mga kamaliang laganap sa panahong iyon. Itinapon ng mga Protestanteng Repormador ang mga lubid ng kamalian at sabi-sabi at hinayaang ang liwanag ng Salita ng Dios ay suminag. Ang mga taong ito'y nakatanggap ng titulong Protestante, sapagka't nang kanilang maunawaan ang katotohanan ng Salita ng Dios, kanilang nakita na nararapat silang magprotesta at sumalungat sa kamalian ng Katolisismo kung sila'y mananatiling tapat sa Dios. Minsan

pang muli sa kasaysayan ng mundong ito ang kaalaman sa Salita ng Dios ay nakalimutan. Ihambing ang pagkaunawa ng Repormador ukol sa Kapapahan sa paniniwala ng mga tao ngayon.

Kapapahan Tinuligsa

MARTIN LUTHER "Alam ko na ang papa ay Antikristo, at ang kaniyang luklukan ay kay Satanas. Ang kapapahan ang heneral na humahabol, sa ilalim ng utos ng Romanong pontipika, na may layuning sagasain at sirain ang mga kaluluwa."

CARLOS SPURGEON "Nararapat tayong magbabala ng may katapangan sa mga tatanggap ng kamalian ng Roma; nararapat nilang malaman ang maitim na mga gawa ng Kapapahan."

JUAN KNOX "ang papa mismo ang antikristo".

JUAN WESLEY "Siya sa mabigat na pananalita, ang Taong Makasalanan, habang nagdadagdag siya ng lahat ng uri ng kasalanang di masusukat."

JUAN CALVIN "Tinatawag naming Antikristo ang Romanong Pontipiko".

Protestante Nakalimot sa Nakalipas

NAKALIMUTAN na ngayon ng mga labi ng mga tapat na martir kung bakit sila tinatawag na Protestante. Isaalang-alang ang sumusunod:

"Panahon na para sa mga Protestante na bumalik sa pastol (ang papa) at sabihin, 'Ano ang nararapat naming gawin upang makabalik?' " Dr. Robert Schuller, *Los Angeles Herald Examiner,* Sept. 19, 1987.

"Ang mga puno ng American Protestant at Eastern Orthodox na mga iglesiya, na makikipagkita kay Papa Juan Paulo II sa Biyernes, ay nagalak sa kanilang unang malawak na usapin bilang daan sa lalo pang pagkakaisa…Tinatawag ito ni Rev. Donald Jones, isang Methodist at pangulo ng University of South Carolina religious studies department, na pinaka-mahalagang pagpupulong na ekumenikal ng siglo... Tinatawag ito ni Rev. Paul A. Crow Jr., ng Indianapolis at ekumenikal na opisyal ng Christian Church (Disciples of Christ), "na bagong araw para sa ekuminismo" na magbubukas sa hinaharap na kung saan "titipunin tayo ng Panginoon." *The Montgomery Advertiser*, Sept. 12, 1987.

"Kung ang Katolisismo ay mas magiging Katoliko pa sa hinaharap, na siyang inaasahan ko sa pangkasalukuyang papa, kung magkagayon, ang mga teolohiyang pagkakaiba ay mas lilinaw, subali't ang ating pakikisama sa Katoliko laban sa sekular na kultura ay mas lalalim. Ako ay handang makipagpalit." David Wells, *Eternity Magazine*, Sept. 1987.

"Sa layunin at hangarin ay iisa ang karismatik na turo ng mga Protestante at Katoliko sa pamumuhay Kristiyano. Hindi baga ito makahalugan sa hinaharap ng Kristiyano?" J.I. Packer, *Christianity Today*, June 22, 1992

Nakalimutan na ng Protestantismo ang kaniyan ugat. Siya'y itinalaga upang tumutol at sumansala sa mga kamalian ng Roma. Ngayon siya'y handang yakapin siya. Ngayon na ang buong mudo ay nahaharap sa huling pagsalakay ng Roma, ang dating magkaaway ay nagkakasundo. Ang Protestante ay nakalimot na sila'y nasasangkot sa walang hanggang digmaan, at dahil sa kanilang kusang-loob na pagwaglit sa kaalaman, sila'y nakatakdang malipol. ❑

Kautusan at Kaayusan ang Tunay na Isyu

SAPUL sa pasimula ng malaking-tunggalian sa langit, ay naging mithiin na ni Satanas ang ibagsak ang kautusan ng Diyos. Ang dayain ang mga tao, at sa gayo'y maakay silang sumuway sa kautusan ng Diyos, ay siyang adhikaing walang tigil niyang itinataguyod. Kahit sa anong paraan ang pagkaganap nito, maging sa pamamagitan ng pagwawalang kabuluhan sa kautusan o kaya'y sa pagtatakwil sa isa sa mga utos nito, ang kauuwian ay iisa. Ang magkasala sa "isa" ay humahamak sa buong kautusan; ang kanyang impluwensya at halimbawa ay nasa panig ng pagsuway; siya'y nagiging "makasalanan sa lahat." (Santiago 2:10).

Sa pagsisikap ni Satanas na hamakin ang mga banal na utos, binaligtad niya ang mga aral ng Biblia, at sa gayo'y napalakip ang mga kamalian sa pananampalataya ng libu-libong nagpapanggap na nananalig sa Biblia. Ang huling tunggalian ng kamalian at ng katotohanan ay wakas lamang ng malaon nang labanan ukol sa kautusan ng Diyos. Pumapasok na tayo ngayon sa labanang ito- labanan ng mga batas ng mga tao at ng mga utos ni Heoba, labanan ng relihiyon ng Banal na Kasulatan at ng relihiyon ng sali't saling sabi at tradisyon.

Ang kawalan ng pananampalataya ay palasak, hindi lamang sa sanlibutan, kundi pati sa loob ng iglesya. Marami ang mga nagsisitanggi sa mga doktrinang haligi ng pananampalatayang Kristiyano. Ang mga dakilang katunayan ng Paglikha, ang pagkakasala ng tao, ang pagtubos, at ang pamamalagi ng kautusan ng Diyos, ang lahat o ang bahagi nito, ay tinanggihan ng karamihan sa mga nagpapanggap Kristiyano. Maraming ministro ang nagtuturo sa mga tao, at maraming mga guro ang nagtuturo sa kanilang mga mag-aaral na ang kautusan ng Diyos ay inalis na; at yaong mga kumikilala na may bisa pa hanggang ngayon ang mga utos nito, upang sundin ay ipinalalagay na karapat-dapat sa pagkutya.

Doktrinal na Idolatriya

SA pagtatakwil ng mga tao sa katotohanan ay itinatakwil nila pati ang May-gawa nito. Sa pagyurak nila sa kautusan ng Diyos, ay itinatakuwil nila ang kapangyarihan ng Nagbigay. Sa pamamagitan ng maling pagpapakilala sa katangian ng Diyos, ay Siya'y naipakikilala sa maling paraan. Sa marami ang isang pilosopiyang idolo ay nailagay sa lugar ni Jehovah, samantalang ang buhay na Diyos na naipakikilala sa Kaniyang Salita, kay Kristo, at sa mga gawa ng kalikasan, ay sinasamba lamang ng iilan. Libo ang sumasamba sa kalikasan samantalang itinatakuwil nila ang Diyos ng kalikasan**.** Bagaman sa ibang anyo, ang diosdiosan ay nananatili pa rin ngayon sa Kristiyanong sanlibutan gaya nang namalas sa Israel sa panahon ni Elias. Ang diosdiosan ng maraming nagpapanggap na matalino, ng mga pilosopo, manunula, politiko, manunulat-ang dios ng mga kilalang mga grupo, ng maraming mga unibersidad at kolehiyo maging ilan sa mga paaralan ng teolohiya ay maigi lang ng kaunti kay Baal, ang diosdiosang araw ng Phoencia.

Walang kamalian na tinatanggap ng mga Kristiyano ang mas pangahas na lumalaban sa Langit, mas tuwirang sumasalungat sa dikta ng katuwiran, may mas nakapipinsalang resulta, kaysa sa modernong aral na ang utos ng Diyos ay hindi na umiiral. Ipalagay na ang mga pangunahing ministro ay magtuturo sa publiko na ang mga utos na umiiral sa kanilang lugar, at nagsasanggalang sa karapatan ng kanilang mamamayan ay hindi obligado-na ito'y naghihigpit sa kalayaan ng tao, at hindi dapat sundin; gaano katagal pananatiliin ang ganitong mga tao sa pulpito? Subali't mas malala bang kasalanan ang sumuway sa mga batas ng bansa

"Sa mga may pananampalatayang salungat sa Iglesya ng Roma ay nakatala sa kasaysayan ang pagkamatay ng mahigit sa isang daan milyon mga tao." *Brief Bible Readings*, p. 16. "Noong Agosto 24, 1527, ang mga Romano Katoliko sa France sa ilalim ng impluwensya ng Jesuita ay pumatay ng 70,000 mga Protestante sa loob ng dalawang buwan. Ang Papa ay nagagalak nang marinig niya ang matagumpay na bunga." *Western Watchman*, 1912.

kaysa sumuway sa utos ng Diyos na siyang saligan ng lahat ng gobyerno?

Kasalanan Di Na Masama

SAAN man tinanggihan ang mga banal na utos, ang kasalanan ay hindi lumilitaw na pagkakasala, at ang katuwiran ay hindi na isang bagay na kanais-nais. Yaong tumatangging pasakop sa pamahalaan ng Diyos ay hindi nababagay na mamahala sa kanilang mga sarili. Sa pamamagitan ng kanilang mapanirang aral, ang diwa ng pagsuway ay natatanim sa puso ng mga bata at kabataan, at ang bunga'y isang walang batas at magulong lipunan. Habang kinukutya ng karamihan ang paniniwala ng mga gumaganap sa mga kautusan ng Diyos ay sabik nilang tinatanggap ang mga daya ni Satanas. Pinaiiral nila ang mahahalay na pita ng laman, at gumagawa sila ng mga kasalanang tumawag ng mga hatol ng Diyos sa mga pagano.

Magulong Lipunan

NGAYON pa may ang aral na ang mga tao ay malaya na sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, ay nagpahina sa bisa ng pagsunod at nagbukas ng daan ng malaking baha ng kasamaan sa sanlibutan. Ang di pagkilala sa kautusan, ang kabulagsakan, at ang karumihan ng pag-iisip ay tulad sa isang malaking bahang tumatabon sa atin. Si Satanas ay gumagawa sa mga pamilya. Ang kaniyang bandila'y wumawagayway maging sa mga tahanan ng mga nagpapanggap na Kristiyano.

Ang pinakamasamang kriminal, kapag nakulong ay malimit na binibigyan ng mga handog at pansin na wari bagang sila'y nasa kaimbot-imbot na kalagayan. Binibigyan ng dakilang publisidad ang kanilang mga ugali at mga krimen. Inilalathala ng palimbagan ang nakaririmarim na mga



bisyo, kung kaya't ang iba'y nagaganyak sa paggawa ng kasamaan at si Satanas ay nagagalak sa tagumpay ng kaniyang mga plano. Ang pag-ibig sa mga bisyo, ang walang pakundangang pagkitil ng buhay, ang paglala ng kawalan ng pagpipigil at kasamaan ng bawa't anyo at uri, ay nararapat gumising sa may takot sa Diyos, upang magsaliksik kung ano ang nararapat gawin upang mahinto ang paglaganap ng kasamaan.

Itinakuwil ang Kasulatan

ANG lumaganap na kasamaan at espirituwal na kadiliman sa ilalim ng pamumuno ng Roma ay ang di-maiiwasang bunga ng kanyang pagtakwil sa Banal na Kasulatan; datapuwa't saan masusumpungan ang dahil ng malaganap na kawalan ng pananampalataya, ang pagtanggi sa kautusan ng Diyos, at ang kasiraang bunga nito, sa harap ng liwanag ng ebanghelyo at sa panahon ng kalayaan sa relihiyon? Ngayong hindi na makontrol ni Satanas ang sanlibutan sa pamamagitan ng pagkakait ng Biblia, ay iba namang paraan ang kanyang ginamit upang maganap ang layuning ito. Ang pagsira ng pananalig sa Banal na Kasulatan ay gumaganap din ng kanyang adhika na katulad ng pagsira sa Banal na Kasulatan. Sa pagpasok niya ng paniniwala, na hindi na nananatili pa ang kautusan ng Diyos, ay malakas niyang naaakay ang mga taong sumalansang na para bagang wala silang anumang kaalaman tungkol sa mga utos nito. At ngayon gaya noong nakaraan, ay gumagawa siya sa pamamagitan ng iglesiya upang matupad ang kaniyang mga plano. Ang mga relihiyosong organisasyon sa ngayon ay tumangging makinig sa mga di tanyag na mga katotohanang malinaw na ipinahahayag ng Biblia, at dahil dito ay tinanggap nila ang mga paliwanag at mga posisyong siyang malawak na naghasik ng pag-aalinlangan

Sa pagtanggap sa kamaliang mula sa kapapahan ukol sa natural na imortalidad at pagkakaroon ng malay sa kamatayan, ay itinakuwil din naman nila ang tanging sanggalang laban sa delusyon ng Espiritismo. Ang aral ukol sa walang hanggang tormente ang siyang nag-akay sa marami upang hindi paniwalaan ang Biblia. At kapag ang ikaapat na utos ay maipakilala sa mga tao, ay kanilang nakikita na ang pangingilin sa ikapitong araw na Sabbath ay ipinagutos, at upang makatakas sa katungkulang di nila nais gampanan ay itinuturo ng maraming mga mangangaral na ang utos ng Diyos ay di na umiiral. Sa gayon ay itinatakuwil nila ang kautusan at ang Sabbath. Habang lumalawak ang gawain ng reporma sa Sabbath, ang pagtakuwil sa kautusan ng Dios upang makaiwas sa ikaapat na utos ay lumalaganap. ❑

Madilim na Panahon Naulit

ANG patakaran ni Satanas sahuling laba-nan niyang ito sa bayan ng Diyos ay gaya rin ng ginamit niya noong pasimula ng malaking tunggalian sa langit. Inaangkin niya na kanyang sinikap na pagtibayin ang pamahalaan ng Diyos, samantalang lihim na iniuubos niya ang lahat niyang kaya upang ito'y ibagsak. At ang gawaing sinikap niyang gawin ay ipinaratang niya sa mga tapat na anghel. Ang gayong uri ng pandaraya ay tanda ng kasaysayan ng Iglesiya Romana. Ito'y nagpapanggap na kinatawan ng Langit, habang nagsisikap na itaas ang kaniyang sarili na mas mataas sa Dios at baguhin ang kaniyang utos. Sa ilalim ng pamamahala ng Roma, yaong mga namatay dahil sa kanilang katapatan sa ebanghelyo ay ipinahayag na masasamang tao, na sinasabing nakikipagkaisa kay Satanas, at ang lahat ng paraan ay ginawa upang sila'y punuin ng sisi, upang sila'y lumabas sa mata ng mga tao at maging sa kanilang sarili na pinakamasamang kriminal. Gayon din ngayon. Habang sinisikap sirain ni Satanas yaong sumusunod sa utos ng Diyos, ay sisikapin niyang paratangan silang mananalansang sa kautusan, sumisirang-puri at nagdadala ng kahatulan ng Diyos sa sanlibutan

Sapilitang Pagsunod

HINDI kailanman pinupuwersa ng Dios ang kalooban o ang konsyensiya; subali't ang palagiang gamit ni Satanas upang makontrol yaong hindi niya maakit sa ibang paraan -ay pilitin sila sa pamamagitan ng kalupitan. Sa pamamagitan ng pananakot o pamimilit ay sinisikap niyang pagharian ang budhi, upang siya'y igalang. Upang matamo niya ang layuning ito, ginagamit niya ang kapangyarihan ng relihiyon at pamahalaan na uudyukan silang magpatupad ng kautusan ng tao na salungat sa kautusan ng Dios.

Ang mga susunod sa Sabbath ng Biblia ay ipalalagay na kaaway ng kautusan at kaayusan, at sumisira ng moral na pagpipigil ng lipunan, lumilikha ng kaguluhan at kabulukan, at tumatawag ng kahatulan mula sa Dios sa lupa. Ang kanilang tapat na pagpapahalaga sa tama ay ituturing na kasuwailan, katigasan ng ulo at pagsuway sa kapangyarihan. Sila'y aakusahan na walang pagpapahalaga sa awtoridad. Ituturo ng mga ministrong nagtakuwil sa katungkulang sumunod sa utos ng Dios ang tungkuling sumunod sa sibil na awtoridad bilang mula sa Dios. Sa mga korte, ang mga sumusunod sa utos ng Dios ay kukundinahin at pararatangan. Bibigyang kulay ang kanilang mga salita; at bibigyan ng pinaka-masamang kahulugan ang kanilang motibo.

Liwanag Pinalitan ng Kadiliman

SA pagtanggi ng mga iglesiyang Protestante sa malilinaw na katuwirang mula sa Kasulatan na nagsasanggalang sa kautusan ng Dios, ay pananabikan nilang mapatahimik yaong mga may pananampalatayang hindi nila maibagsak sa pamamagitan ng Biblia. Bagaman ipinikit nila ang kanilang mga mata sa katunayan, ay ginagawa nila ngayon ang isang hakbang na mag-aakay sa pag-uusig sa mga may malinis na budhing tumatanggi sa mga gawa ng ibang mga Kristiyano, at ayaw kumilala sa mga pag-aangkin ng kapangilinang makapapa.

Saan Nagmula Si Satanas, Ang Tagapaghasik Ng Kasamaan?

Sanhi Ng Kasalanan

IKINAGUGULO ng pagiisip ng marami ang pinagmulan ng kasalanan at ang pananatili nito. Nakikita nila ang gawa ng kasamaan, at ang mga kakila-kilabot na bungang kapighatian at kasiraan, at itinatanong nila kung paanong ang lahat ng ito ay nananatili sa ilalim ng pamamahala ng Isang walang-hanggan sa karunungan, kapangyrihan at pag-ibig.

Hindi maaaring ipaliwanag ang pinagmulan ng kasalanan at kung bakit ito nananatili. Subali't mayroon sapat na mababatid ukol sa pinagmulan at kauuwian ng kasalanan, upang ating matalos ng lubusan ang pagkahayag ng katarungan at pagkamaawain ng Diyos sa lahat niyang pakikitungo sa masama. Mapanghimasok ang kasalanan, at sa pananatili nito ay walang maikakatuwiran. Kung may kadahilanang masusumpungan para sa kasalanan o may sanhing maipakikilala sa kanyang paglitaw, hindi na ito lalabas na kasalanan. Ang katuwirang maibibigay lamang natin sa kasalanan ay ayon lamang sa nasusulat sa salita ng Diyos: "ang kasalanan ay pagsuway sa kautusan;" 1 Juan 3:4.

Pag-ibig Ng Diyos Laban Sa Kapalaluan

YAMANG ang batas ng pag-ibig ay siyang patibayan ng pamahalaan ng Diyos, ang kaligayahan ng lahat ng mga nilalang ay nababatay sa sakdal nilang pagtupad sa mga dakilang simulain ng katuwiran. Ninanasa ng Diyos na siya'y paglingkuran ng lahat Niyang mga nilalang ng paglilingkod ng pag-ibig,-ng paggalang na bumubakal sa matalinong pagkakilala sa Kanyang likas. Hindi Siya nalulugod sa sapilitang pagsunod at binibigyan Niya ang lahat ng malayang kalooban upang sila'y kusang makapaglingkod sa Kanya. Datapuwa't may isang nagnais na lumihis sa kalayaang ito. Ang kasalanan ay nagmula sa kanya na, pangalawa ni Kristo, dinadakila ng Diyos, at mataas sa lahat ng mga nananahan sa langit, sa katungkulan at sa kaluwalhatian. Bago siya nagkasala si Lusiper ay una sa mga kerubing tumatakip, banal at malinis. (Ezek.28:12-15).

Maaari sanang nanatili si Lusiper sa lingap ng Diyos, na minamahal at iginagalang ng buong hukbo ng mga anghel, isinasagawa ang kanyang dakilang kapangyarihang magpala sa iba at lumuwalhati sa Maykapal. Nguni't sinasabi ng propeta: "Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan, iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan." Ezekiel 28:17. Untiunting si Lusiper ay nagnanasang matanghal ang sarili. "Sinabi mo sa iyong sarili...aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan...ako'y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ako'y magiging gaya ng Kataas-taasan." Isaias 14:13,14. Sa halip na pagsikapang itampok ang Diyos sa pag-ibig at pagsunod ng Kanyang mga kinapal, ay pinagsikapan ni Lusiper na makuha niya ang kanilang paglilingkod at paggalang. At sa pag-iimbot niya sa karangalang ipinagkaloob ng walang-hanggang Ama sa Kanyang Anak, ay pinagnasaan ng prinsipeng ito ng mga anghel, ang kapangyarihan na si Kristo lamang ang may karapatang gumamit.

Ang Anak ng Diyos ang kinikilalang Pinakamakapangyarihan sa langit, isa sa kapangyarihan at awtoridad sa Ama. Sa lahat ng mga kunsilyo ng Diyos, si Kristo ay kasama, samantalang si

Kalayaan ng Budhi Itinakuwil

ANG mga matataas na tao ng iglesiya at ng pamahalaan ay magtutulong upang suhulan, hikayatin, o pilitin kaya ang lahat ng tao na igalang ang Linggo. Ang kakulangan ng kapangyarihan mula sa Dios ay papalitan ng mga mahihirap na batas. Ang kabulukan sa politika ay sumisira ng pag-ibig sa katarungan at paggalang sa katotohanan; at maging sa malayang Amerika ang mga makapangyarihan at mangbabatas ay makikinig sa kahilingan ng madla na gumawa ng batas na nag-uutos na ipangilin ang Linggo upang makamtan ang pagtingin ng tao. Ang kalayaan ng budhi, na binayaran sa pamamagitan ng di-maulatang kahirapan ay hindi pagpipitaganan. Sa malapit nang darating na tunggalian ay makikita nating matutupad ang mga pangungusap ng propeta: "Nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kanyang binhi, na siyang nagsisitupad ng utos ng Dios, at may patotoo ni Jesus." Apokalipsis 12:17.

Yaong magpapahalaga sa Sabbath ng Biblia ay ipapahayag na kaaway ng kautusan at kaayusan.

Kahulugan ng mga Simbolo

Bilang naiiba sa mga sumusunod sa mga utos ng Diyos at may pananampalataya kay Jesus, ay tinutukoy ng ikatlong anghel ang ibang uri ng mga tao, na laban sa kanilang mga kamalian ay binibigkas ang isang solemne at kakila-kilabot na babala: "Kung ang sinuman ay sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumanggap ng tanda sa kanyang noo, o sa kanyang kamay, ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Diyos" Apokalipsis 14:9-10. Ang isang tumpak na paliwanag sa mga sagisag na ginagamit dito ay kailangan upang maunawaan ang pabalitang ito. Ano ang hayop, ang larawan, at ang tanda?

Ang Dragón

ANG hanay ng hulang kinasusumpungan sa mga sagisag na ito, ay nagsisimula sa Apokalipsis 12 sa ahas na nagsikap pumatay kay Kristo noong siya'y ipanganak. Ang ahas ay sinasabing si Satanas, (Apokalipsis 12:9), siya ang kumilos kay Herodes upang ipapatay nito ang Tagapagligtas. Datapuwa't ang punong ahente ni Satanas sa pakikipagbaka kay Kristo at sa Kanyang bayan noong unang dantaon ay ang imperyo ng Roma, na doo'y ang paganismo ang siyang naghaharing relihiyon. Kung magkagayon bagaman ang ahas, ay kumakatawan kay Satanas, sa pangalawang kuhulungan ay sagisag ng Roma pagana.

Mala Leopardong Hayop

SA ika-13 kapitulo ay isinasaysay ang isa pang hayop, "katulad ng isang leopardo," na binigyan ng dragon-Satanas at Paganong Roma- ng "kanyang kapangyarihan, at ng kanyang luklukan, at dakilang kapamahalaan." Ang sagisag na ito, gaya ng pinaniniwalaan ng maraming Protestante, ay kumakatawan sa

kapapahan, na humalili sa kapangyarihan at luklukan at kapamahalaan, na minsa'y hinawakan ng unang imperyo ng Roma. Tungkol sa hayop na tila leopardo ay sinasabi: "At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at mga kapusungan...At binuka niya ang kaniyang bibig sa mga kapusungan laban sa Dios, upang pusungin ang kaniyang pangalan, at ang kaniyang

"Sapagka't inaangkin ng Iglesiya Katoliko ang pagiging intolerente sa larangan ng doktrina ukol sa kaniyang aral, ay hindi makatuwirang sansalain siya sa paggamit ng karapatang ito... Itinuturing ang pagiging intolerente sa doktrina na hindi lamang kaniyang hindi maitatatwang karapatan, kundi isa ring sagradong katungkulan...Ayon sa Roma 8:11, ang sekular na awtoridad ay may karapatang magparusa, lalo na ang mga grabeng krimen, ng parusang kamatayan; anupa't, ang mga heretiko ay hindi lamang nararapat maitiwalag sa iglesiya kundi nararapat ding mamatay.." *The Catholic Encyclopedia*, **1911 ed., Vol.14, p. 766, 768.**

Satanas ay hindi pinahihintulutang lumahok sa mga layuning ayon sa Diyos. "Baki't," tanong ng makapangyarihang anghel, "kinakailangang si Kristo ang maghari? Bakit Siya iginagalang kaysa kay Lucifer?"

Nadadamitan Ng Kahiwagaan

SI Satanas ay mataas na pinararangalan, at ang lahat niyang mga gawa'y totoong dinamtan ng hiwaga kaya nga mahirap palitawin sa harap ng mga anghel ang likas ng kanyang gawa. Hanggang sa lubos na maisagawa, ang kasalanan ay hindi lumilitaw na gayon kasama. Bago dito, ang kasalanan ay walang lugar sa santinakpan ng Diyos, at ang mga banal na nilalang ay walang kalaman ukol sa likas at kasiraan nito. Hindi nila batid ang mga kakila-kilabot na ibubunga ng pagtakwil sa kautusan ng Diyos. Sa pakikitungo ng Diyos sa kasalanan, ay wala Siyang ibang magagamit kundi katuwiran at katotohanan lamang. Ginagamit ni Satanas ang di ginagamit ng Diyos - ang di-tunay na pamumuri at pagdaraya. Ang kaguluhang bunga ng kanyang sariling gawa, ay isinisi niya sa kautusan at pamahalaan ng Diyos. Lahat ng kasamaan ay ipinahayag niyang bunga ng pamahalaan ng Diyos. Ipinahayag niya na layunin niyang pagbutihin ang palatuntunin ni Jehovah. Kaya nga kinakailangang ipakita niya ang likas ng kaniyang pahayag, at isagawa ang nais niyang pagbabago sa kautusan ng Diyos. Inaangkin ni Satanas mula sa pasimula na hindi siya naghihimagsik. Nararapat siyang mabigyang panahon upang maipahayag ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng kaniyang masasamang gawa. Nararapat mahayag sa buong sansinukob ang mandaraya.

Parehong Espiritu

YAONG ding diwa na naging dahil ng himagsikan sa langit ang siyang nag-uudyok ng himagsikan sa lupa. Ipinagpatuloy ni Satanas sa mga tao ang pamamalakad na ginamit niya sa mga anghel. Nagbigay ang Dios ng katunayan ng Kaniyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang bugtong na Anak upang mamatay alang-alang sa nagkasalang sangkatauhan. Sa ginawang pagtubos ay nahayag ang likas ng Dios. Ang malakas na pangangatuwiran ng Krus ang nagpapakita sa buong sansinukob na ang daan ng pagkakasalang pinili ni Lusiper sa paano mang paraan ay di maaaring iparatang sa pamahalaan ng Dios.

Higit sa Pagtubos

ANG pagparito ni Kristo sa lupa upang maghirap at mamatay ay hindi lamang upang tubusin ang tao. Naparito Siya upang "dakilain ang kautusan" at "gawing marangal." Hindi lamang upang igalang ng mga tumitira sa sanlibutan ang kautusan ng gaya ng nararapat kundi upang ipakita din naman sa lahat ng sanlibutan sa buong sansinukob na ang batas ng Dios ay hindi maaaring baguhin. Kung ang pagsunod sa kautusan ay maaaring isantabi, hindi na sana ibinigay pa ng Anak ng Dios ang Kanyang buhay upang matubos sa pagsalangsang dito. Ang kamatayan ni Kristo ay nagpapatunay na ito'y hindi mababago.

Sa huling pagbibiay ng hatol ay mahahayag na walang maidadahilan sa pagkakasala. Samantalang ipinahahayag ng krus sa Kalbaryo na ang kautusan ay hindi maaaring mabago, ay ipinahahayag din nito sa buong sansinukob na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Noong sumigaw ang Tagapagligtas ng "naganap na" ay bumatingaw din naman ang kamatayan ni Satanas. Ang malaking tunggalian na malaon nang nagaganap ay napagpasiyahan na noon, at natiyak na ang huling paglipol sa kasalanan. Ang buong sansinukob ay magiging saksi sa likas at bunga ng kasalanan. ❑

tabernakulo, gayon din naman ang mga nananahan sa langit. At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal, at pagtagumpayan sila; at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawa't angkan at bayan at wika at bansa." Ang hulang ito na halos kapareho ng paglalarawan ng maliit na sungay sa Daniel 7, ay di maitatatwang tumutukoy sa Kapapahan.

"At binigyan siya ng kapamahalaan upang magpatuloy na apatnapu't dalawang buwan." At sabi ng propeta, "At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay." At muli, "Kung ang sinoman ay papatay sa tabak ay dapat siyang mamatay sa tabak." Ang apatnapu't dalawang buwan ay siya ring, "panahon, mga panahon , at kalahating panahon," o 1260 mga araw ng Daniel 7- ang panahon na kung saan ang kapapahan ay nagpahirap sa bayan ng Dios. Ang panahong ito ay nagpasimula sa pangingibabaw ng kapapahan, noong 538 at natapos noong 1798. Sa panahong yaon ang papa ay binihag ng hukbong Pranses, at natamo ng kapangyarihan ng papa ang kaniyang sugat na ikamamatay, at ang hula ay natupad, "kung ang sinuman ay mamihag ay sa pagkabihag paroroon" Apok.13:10.

Amerika Sa Hula

SA bahaging ito ay may sumipot na ikalawang sagisag. Sinabi ng propeta: "Nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at

may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero." Talatang 11. Ang anyo at paraan ng pag-ahon ng hayop na ito ay nagpapatunay na ang bansang inilalarawan ay kakaiba sa mga naunang simbolo. Ang mga bantog na kahariang naghari sa sanlibutan ay ipinakita sa propeta Daniel na tulad sa mga maninilang hayop, na umahon nang ang "apat na hangin ng langit ay nagsisihihip sa malaking dagat." Daniel 7:2. Sa Apokalipsis 17 ay ipinaliliwanag ng Anghel na ang mga tubig ay kumakatawan sa "mga bayan, at mga karamihan, at mga bansa, at mga wika." Apok.17:15. Ang hangin ay sagisag ng paglalabanan. Ang apat na hangin na nagsisihihip sa malaking dagat ay kumakatawan sa kakila-kilabot na panoorin ng pagsakop at paghihimagsik na sa pamamagitan nito'y nagtamo ang mga kaharian ng kapangyarihan.

Mula Sa Lupa

DATAPUWAT ang hayop na may mga sungay na katulad sa isang kordero ay nakitang "umaahon sa lupa." Apok. 13:11. Sa halip na magbagsak ang bansang ito ng mga ibang kapangyarihan upang maitatag niya ang kaniyang sarili, ay kailangan bumangon siya sa lupaing hindi tinatahanan ng tao at unti-unti at mapayapang lumaki. Kung gayon ay hindi ito makakabangon sa gitna ng nangagsisiksikan at nagtutunggaling mga bansa ng Matandang Daigdig-ang magulong dagat ng "mga tao,karamihan, at mga bansa, at wika." Nararapat itong hanapin sa Kanlurang Kontinente.

Anong bansa ng Bagong Daigdig ang noong 1798 ay bumangon sa kapangyarihan, nagpakitang lalakas at dadakila, at tumawag ng pansin ng sanlibutan? Ang pag-aangkop ng sagisag ay hindi mapag-aalinlanganan. Isang bansa at isa nga lamang, ang tumatama sa tinitiyak ng hulang ito; hindi mapagkakamaliang tumutukoy ito sa Estados Unidos ng Amerika. Muli at muli ang kaisipan, halos ang mismong mga salita ng banal na manunulat ay di namamalayang ginamit ng mga orator at mananalaysay sa paglalarawan sa pag-ahon at paglago ng bansang ito. Ang isang tanyag na manunulat, sa paglalarawan niya sa pagbangon ng Estados Unidos, ay nagsabi ng tungkol sa "hiwaga ng kanyang pagsipot mula sa wala," at saka dinugtungan ng: "Katulad ng isang tahimik na binhi ay lumitaw tayo at naging isang kaharian."—G.A. Townsend, *The New World Compared With the Old*, p. 462. Ang isang Europeong babasahin noong 1850 ay nagsabi ukol sa Estados Unidos na isang dakilang emperyo na "lumilitaw" at "sa gitna ng katahimikan ng lupa ay araw-araw na lumalaki ang kapangyarihan at kapalauan."—*The Dublin Nation*.

Ang kalayaan ng konsyensiya na nangailangan ng dakilang sakripisyo ay hindi na isasaalang-alang.

Ang “dalawang sungay na gaya ng kordero” ay mainam na kumakatawan sa likas ng ating pamahalaan, na ipinahahayag sa dalawa nitong pangunahing prinsipyo-Republikanismo at Protestantismo. Ang mga prinsipyong ito ang siyang lihim ng kaniyang kapangyarihan at kasaganaan bilang isang bansa. Yaong mga unang nakahanap ng ampunan sa mga baybayin ng Amerika ay nagalak na sila'y nakarating sa isang bansa na malaya sa palalong pag-aangkin ng kapapahan at kalupitan ng pamamahalang hari. Ipinasiya nilang magtatag ng isang pamahalaang nakatayo sa malawak na saligan ng kalayaang sibil at relihiyon.

Nagsalitang Gaya ng Dragón

DATAPUWA'T ang hayop na may mga sungay na gaya ng kordero ay “nagsasalitang gaya ng dragon. At kanyang isinasagawa ang buong kapamahalaan ng unang hayop sa kanyang paningin. At pinasasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito sa unang hayop na gumaling ang sugat na ikamamatay...na sinasabi sa mga nananahan sa lupa na dapat silang gumawa ng isang larawan ng hayop na mayroon nang sugat ng tabak at nabuhay.” Apocalipsis 13:11-14.

Ang mga sungay na gaya ng sa kordero at ang tinig dragon ay tumutukoy sa isang maliwanag na pagkakasalungatan ng pagpapanggap at gawain ng bansang kinakatawanan. Ang “pagsasalita” ng bansa ay ang gawain ng kanyang batasan at hukuman. Sa pamamagitan ng ganyang mga pasiya ay pawawalan niyang halaga ang mga mapagbigay at mapayapang simulaing siyang patibayan ng kanyang pamamalakad. Ang hula na siya'y magsasalitang “gaya ng isang dragon” at gagamit ng “buong kapangyarihan ng unang hayop,” ay maliwanag na nagpapakita ng pag-unlad ng paghihigpit at ng pag-uusig sa relihiyon na ipinakita ng mga bansang sinasagisagan ng dragon at ng hayop na tulad sa leopardo. Ang pangungusap na “pinasasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito, sa hayop,” ay nagpapakilala na gagamitin ng bansang ito ang sapilitang pagpapatupad ng pangingilin na magiging pagsamba sa kapapahan.

Ang gawaing ito ay salungat sa prinsipyo ng gobyernong ito, sa katalinuhan ng mga malaya niyang institusyon, sa direkta at tapat na pangungusap ng Deklarasyon ng Kalayaan at sa Konstitusyon. Matalinong pinagsikapan ng mga tagapagtatag ng bansa na mag-ingat laban sa paggamit ng iglesya ng kapangyarihan ng pamahalaan, na taglay nito ang hindi maiiwasang ibubunga-ang paghihigpit at ang pag-uusig. Ang saligang-batas ay nagtatadhana na “ang kongreso ay hindi gagawa ng anumang batas hinggil sa pagtatatag ng relihiyon ni magbabawal ng malayang pagpapairal nito,” at gayon din na “hindi kailangan ang anumang subukan ukol sa relihiyon sa anumang tungkuling bayan sa ilalim ng pamamamahala ng Estados Unidos.” Tanging sa paglabag lamang sa mga tagapagsanggalang na ito sa kalayaan ng bansa, maaaring ipatupad ng kapangyarihan ng pamahalaan ang alin mang pagsunod ukol sa relihiyon. Ang salungat na gawaing ito ay hindi mas dakila sa ipinakikilala sa simbolo. Ang hayop na may sungay na gaya ng sa tupa na ang propesyon ay dalisay, banayad, hindi makapipinsala-ang magsasalitang gaya ng dragon.

Ang Larawan Ng Hayop

NA sinasabi sa kanila na nananahan sa lupa na sila'y lumikha ng larawan ng hayop.” Dito'y malinaw na ipinakikilala ang isang uri ng gobyerno na kung saan ang kapangyarihan ng batas ay nasa tao, isang kapansin-pansing ebidensya na ang Estados Unidos ang ipinakikilala sa hula.

Datapuwa't ano nga ang “larawan ng hayop?” at paano ito mabubuo? Ang larawan ay ginawa ng hayop na may dalawang sungay, at ito'y isang larawang ukol sa unang hayop. Upang maunawaan kung ano ang anyo ng larawang ito, at kung paano ito mabubuo, ay dapat ding pag-aralan ang mga likas ng hayop -ang kapapahan.

Pagiisa Ng Iglesya at Estado

NANG sumama na ang unang iglesya dahil sa paghiwalay niya sa

New World Order

kasimplihan ng ebanghelyo at dahil sa pagtanggap niya sa mga rito at ugali ng mga pagano, ay nawala sa kanya ang Espiritu at kapangyarihan ng Diyos; at upang makontrol niya ang budhi ng mga tao, ay hinanap niya ang tulong ng pamahalaan. Ang bunga ay ang kapapahan, isang iglesyang namamahala sa kapangyarihan ng pamahalaan at ito'y ginamit niya sa ikasusulong ng kanyang mga layunin, lalo na sa pagpaparusa sa “erehiya.” Upang ang Estados Unidos ay makabuo ng isang larawan ng hayop, ay nararapat na ang kapangyarihan ng relihiyon ay makapaghari ng gayon na lamang sa pamahalaan, na anupa't ang kapangyarihan ng pamahalaan ay gagamitin din naman ng iglesya sa ikagaganap ng kanyang mga layunin.

Ang pagtalikod ang siyang umakay sa unang iglesya'y na humingi ng tulong sa pamahalaan, at ito ang naghanda ng daan sa pag-unlad ng kapapahan-ng hayop. Kaya't ang pagtalikod sa loob ng iglesya ay maghahanda ng daan para sa larawan ng hayop.

Kasaysayan Nauulit

IPINAHAHAYAG ng Biblia na bago darating ang Panginoon ay magkakaroon ng relihiyosong pagbagsak na katulad noong mga unang dantaon. “Sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib. Sapagka't ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungayaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan, Walang katutubong pagibig, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga mabangis, hindi mga maibigin sa mabuti, Mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Dios; Na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinanggihan ang kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito.” 2 Timoteo 3: 1–5. “Nguni't hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonio.” 1 Timoteo 4:1. Pagka dumating na ang ganitong kasamaan,

Ang kamakailang batas ng Korte Suprema ay “nagpapahayag na kapag ang karapatang relihiyon ay sasalungat sa panganga-ilangan ng pamahalaan para sa nagkakaisang mga utos, ang korte ay papanig sa pamahalaan.” *Los Angeles Times*, Abril 18, 1990.

“Ang paghihiwalay sa pagitan ng estado at iglesiya ay ayon sa isang masamang kasaysayan, at walang kabuluhan bilang patnubay sa paghatol. Ito'y nararapat na tahasan at lubusang maitakwil” Renquist, *Time*, December 9, 1991.

ay magaganap ang mga naganap noong mga naunang dantaon.

Pagkabuo Ng Larawan

KAPAG inimpluwensiyahan ang estado ng mga nangungunang iglesya ng Amerika, na nagkakaisa sa mga aral na pinaniniwalaan nilang lahat, upang ipatupad nito ang kanilang mga pasiya, at upang itaguyod ang kanilang mga relihiyon, kung magkagayo'y ang Protestanteng Amerika ay magiging isang larawan ng herarkiya Romana, at walang pagsalang magbubunga ito ng pagpaparusa ng pamahalaan sa mga lalaban. ❑

Ang Tanda Ng Hayop

Inutusan ng hayop na may dalawang sungay "ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at mga alipin,ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo; at ng huwag makabili o makapagbili ang sinuman, kundi siyang mayroong tanda, o pangalan ng hayop o bilang ng kanyang pangalan." Apocalipsis 13:16, 17. Ang babala ng ikatlong anghel ay, "Kung ang sinuman ay sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kanyang noo, o sa kanyang kamay, ay iinum din naman siya ng alak ng kagalitan ng Diyos." Ang "hayop" na binabanggit sa pabalitang ito, na ang pagsamba sa kanya ay ipatutupad ng hayop na may dalawang sungay, ay siyang una, o ang hayop na katulad ng leopardo sa Apokalipsis 13-ang kapapahan. Ang "larawan ng hayop" ay kumakatawan sa tumalikod na Protestantismo na siyang mangyayari pagka ang mga iglesyang Protestante ay hihingi na ng tulong sa pamahalaang sibil upang ipatupad ang kanilang mga paniniwala. Ang "larawan ng hayop" ay ipaliliwanag pa.

Pagsamba Inihambing

PAGKATAPOS ng babala laban sa pagsamba sa hayop at sa kanyang larawan ay ito ang sabi ng hula; "Narito...ang nagsisitupad ng utos ng Diyos at ng pananampalataya ni Jesus." Apocalipsis 14:12. Yamang yaong mga sumusunod sa mga utos ng Diyos ay kakaiba sa mga sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan at tumatanggap ng kanyang tanda, ay nangangahulugan nga na ang pagsunod sa kautusan ng Diyos, sa isang dako, at pagsuway dito sa kabila, ay lilikha ng pagkakaiba sa mga nagsisisamba sa Diyos at sa mga nagsisisamba sa hayop.

Likas Ng Hayop

ANG tanging likas ng hayop, na siyang likas din ng kanyang larawan, ay ang pagsuway sa mga utos ng Diyos. Ganito ang sabi ni Daniel tungkol sa maliit na sungay, ang kapapahan: "Kanyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan." Daniel 7:25. Tinawag ito ni Pablo na "taong makasalanan," na siyang magtatanghal ng kanyang sarili na mataas kaysa Diyos. Sa pagbabago lamang sa kautusan ng Diyos maaaring itanghal ng kapapahan ang kanyang sarili na mataas pa kaysa Diyos; sinumang nakakaalam ng pagbabago ng kautusan at sumusunod ayon sa pagkabago ay nagpaparangal sa kapangyarihang bumago. Ang pagsunod sa mga utos ng papa ay magiging tanda ng pagkilala sa papa sa halip na sa Diyos.

Isang pagbabagong kinusa at sinadya ang ipinakilala: "Kanyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan." Daniel 7:25. Ang pagbabago sa ikaapat na utos ay ganap na tumutupad sa salita ng hula. Ang tanging kapangyarihan inaangkin dito ay yaon lamang sa iglesya. Dito ay hayagang itinataas ng kapapahan ang kaniyang sarili kaysa Diyos.

Kabanalan Ng Sabado

HABANG ang mga sumasamba sa Diyos ay tanging makikilala sa pamamagitan ng pagsunod nila sa ikaapat na utos-yamang ito ang tanda ng Kanyang kapangyarihang lumalang, at saksi sa Kanyang pag-angkin sa paggalang at sa pagsamba ng tao-ang mga sumasamba naman sa hayop ay makikilala sa kanilang pagsisikap na iwasak ang nagpapaalala sa Maylalang, upang maitanghal ang institusyon ng Roma. Para sa araw ng Linggo, na iginiit ng kapapahan ang kanyang palalong pag-angkin: at ang una niyang paggamit ng kapangyarihan ng pamahalaan ay upang ipilit ang pangingilin ng Linggo bilang "araw ng Panginoon." Datapuwa't itinuturo ng Biblia na ang ikapitong araw ang siyang araw ng Panginoon, at hindi ang unang araw ng sanlinggo. Ani Kristo, "Ang Anak ng tao ay Panginoon din naman ng Sabado." Marcos 2:28. Sinasabi ng ikaapat na utos na "ang ikapitong araw ay Sabado sa Panginoon." Exodo 20:10, 11. At sa pamamagitan ng propeta Isaias ay tinatawag ito ng Panginoon na "Aking banal na kaarawan." Isaias 58:13.

Kinikilala ng mga Katoliko Romano na ang pagbabago ng pangingilin ay ginawa ng kanilang iglesya, at ipinahayag niya na kumikilala ang mga Protestante sa kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pangingilin nila ng Linggo. Bilang tanda ng kapangyarihan ng Iglesya Katoliko ay sinipi ng mga manunulat na makapapa "ang ginawang paglilipat ng kapangilinan sa Linggo, mula sa Sabado, na inaayunan ng mga Protestante;...sapagka't sa pangingilin nila ng Linggo, ay kinikilala nila ang kapangyarihan ng iglesya na magtatag ng mga kapistahan, ipag-utos ang mga ito at ang sumuway ay kasalanan." Henry Tuberville, *An Abridgment of the Christian Doctrine*, page 58. Ano kung gayon, ang pagbabago ng Sabbath kundi tanda, o marka, ng kapangyarihan ng iglesya Romana-"Ang tanda ng hayop?"

Pagtakuwil sa Biblia

HINDI pa isinusuko ng Iglesya Romana ang kanyang pag-aangkin sa kapangyarihan; at kapag tinanggap ng sanlibutan at ng mga iglesyang Protestante ang isang kapangilinang nilikha lamang niya, samantalang tinatanggihan nila ang Sabado ng Biblia, ay masasabing tinatanggap nila ang pag-angking ito. Maaaring angkinin nila ang kapangyarihan ng mga sali't saling sabi pati ng kapangyarihan ng mga pari sa pagbabago; datapuwa't sa pag-aangkin nilang ito'y winawalan nilang kabuluhan ang mismong prinsipyo na naghihiwalay sa kanila sa Roma-na "ang Biblia at ang Biblia lamang, ang siyang relihiyon ng mga Protestante." Nakikita ng mga makapapa na dinadaya nila ang kanilang sarili at kusang-loob na pinipikit ang kanilang mata sa katunayan. Habang ang kilusan sa pagpapatupad ng pangingilin ng Linggo ay lumalaganap, ang kapapahan ay nagagalak, na nakatitiyak na sa huli'y ang buong Protestante ay madadala sa ilalim ng Roma.

Ang Pagsamba sa Hayop

NGUNI'T ang mga Kristiyano ng nakaraang panahon ay nangilin ng Linggo, sa pag-aakalang sa gayo'y ipinangingilin nila ang Sabado ng Biblia; at ngayo'y maraming tapat na Kristiyano sa bawa't iglesya pati sa Iglesya Katolika Romana, na tapat na naniniwalang ang Linggo ay siyang kapangilinang hinirang ng Diyos. Tinatanggap ng Diyos ang kanilang tapat na layunin at kalinisang-budhi. Datapuwa't kapag ipinatupad na ng batas ang pangingilin ng Linggo, at naliwanagan na ang sanlibutan hinggil sa katungkulang ipangilin ang tunay na Sabado, kung magkagayo'y sinumang susuway sa utos ng Diyos, upang sumunod sa utos na walang kapangyarihang nakatataas kundi Roma, pinararangalan nga niya ang kapapahan ng higit kaysa Diyos. Gumagalang siya sa Roma, at sa

kapangyarihang nagpapatupad ng institusyong itinalaga ng Roma. Siya'y sumasamba sa hayop at sa kaniyang larawan. Sa pagtanggi ng mga tao sa itinatag ng Diyos, na ipinahayag Niya na tanda ng Kanyang kapamahalaan, at sa halip nito'y parangalan nila ang pinili ng Roma na tanda ng kanyang kapangyarihan, sa gayo'y tatanggapin nila ang tanda ng pagsamba sa Roma-"ang tanda ng hayop." Hanggang hindi maliwanag na maihaharap, ang usaping ito sa mga tao, at sila'y mapapamili sa mga utos ng Diyos at sa mga utos ng tao, ay di pa tatanggap ng "Tanda ng hayop" ang mga patuloy sa kanilang pagsuway.

Katakut-takot na Babala

ANG kakila-kilabot sa lahat ng pagbabantang iniukol sa mga tao ay ang nilalaman sa pabalita ng ikatlong anghel. Ang mga tao'y hindi iiwan sa kadiliman hinggil sa mahalagang bagay na ito; ang babala laban sa ganitong pagkakasala ay dapat ikalat sa buong sanlibutan bago dumalaw ang mga kahatulan ng Diyos upang maalaman ng lahat kung bakit

"Linggo ang siyang tanda ng aming kapangyarihan. Ang iglesiya ay mas mataas kaysa sa Biblia, at ang paglilipat ng pangingilin ng sabbath ay siyang katunayan." ***The Catholic Record*****, London, Ontario, Septiembre 1, 1923.**

sila parurusahan, at upang magkaroon sila ng panahon na makaiwas sa mga parusang ito. Ito'y kinakatawanan sa hula na ipinahahayag na may malakas na tinig ng isang anghel na lumipad sa gitna ng langit at ito ang tatawag ng pansin ng sanlibutan.

Dalawang Grupo Mabubuo

SA labanang ito ay mahahati sa dalawang grupo ang Sangkakristiyanuhan-yaong mga tumutupad ng mga utos ng Diyos at may pananampalataya kay Jesus, at yaong mga sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumatanggap ng kanyang tanda. Bagaman papaglalakipin ng iglesiya at ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan upang pilitin ang lahat, maliliit at malaki, at mayaman at mga dukha, at ang mga laya at mga alipin" (Apok. 13:16) na tumanggap ng "tanda ng hayop" gayon ma'y hindi ito tatanggapin ng bayan ng Diyos. Natanaw ng propeta ng Patmos "yaong nagtagumpay sa hayop, at sa kaniyang larawan, at sa bilang ng kanyang pangalan, ay nakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na may mga alpa ng Diyos," at inaawit ang awit ni Moises at ng Kordero. Apok 15:2-3.

Dalawang Malaking Kamalian

SA pamamagitan ng dalawang malaking kamalian: ang hindi pagkamatay ng kaluluwa at ang kabanalan ng Linggo, ay dadalhin ni Satanas ang mga tao sa ilalim ng kanyang mga daya. Samantalang ang una'y nagtatayo ng saligan ng espiritismo, ang ikalawa'y lumilikha ng tali ng simpatiya sa Roma. Ang mga Protestante ng Estados Unidos ang siyang mangunguna sa pag-unat ng kanilang kamay upang abutin ang kamay ng Espiritismo; aabutin nila ang kailaliman upang makipaghawak-kamay sa kapangyarihan ng Roma; at sa ilalim ng tatlong bahaging pagkakaisang ito, ang bansang ito ay susunod sa yapak ng Roma sa pagyurak sa kalayaan ng konsyensiya.

Ang linya ng pagkakakilanlan sa pagitan ng mga nagpapanggap na Kristiyano at hindi ay halos hindi na nakikilala. Iniibig ng mga miyembro ng iglesiya yaong iniibig ng mga makasanlibutan at si Satanas ay determinadong pag-isahin sila at upang mapalakas ang kaniyang panig ay inaakay niya ang lahat sa panig ng Espiritismo. Ang kapapahan, na nagmamalaki sa mga himala na tanda ng tunay na iglesiya ay madaling madadaya sa naghihimalang kapangyarihang ito; at ang mga Protestante yamang itinakuwil nila ang kalasag ng katotohonan ay madadaya rin. Ang kapapahan, ang mga Protestante at mga makasanlibutan ay pare-parehong tatanggap ng anyo ng kabanalan na walang kapangyarihan at kanilang makikita sa pag-iisang ito ang isang dakilang kilusan para sa pagkahikayat ng buong mundo at ang pagdating ng malon nang hinihintay na sanlibong taon. ❑

Pangungunahan ni Satanas ang New World Order

SA pamamagitan ng espiritismo, ay nagkukunwari si Satanas na mapagkawanggawa sa sangkatauhan, na nilulunasan ang mga karamdaman ng mga tao, at nagpapanggap na makapaghaharap ng isang bago't lalong marangal na kaayusan ng relihiyon; samantala'y gumagawa siya bilang isang mangwawasak. Ang kanyang mga tukso ay umaakay sa maraming tao sa kapahamakan. Ang di-pagtitimpi ay nagbabagsak ng katuwiran; at dito'y sumusunod ang pagkabuyo sa kahalayan, pagaalit, at pagbubuhos ng dugo. Kinalulugdan ni Satanas ang pagdidigmaan; sapagka't ito ang gumigising sa pinakamasamang damdamin ng kaluluwa, at nagtataboy sa walang-hanggang pagkapahamak sa kanyang mga sinawing gumon sa bisyo at pagbubuhos ng dugo. Ang kanyang layunin ay ang papagdigmain ang mga bansa sapagka't sa ganito'y maaalis niya ang isipan ng mga tao sa gawang paghahanda upang makatayo sa kaarawan ng Diyos. Gumagawa rin naman si Satanas sa pamamagitan ng mga elemento upang maipon ang kaniyang ani na mga hindi handang kaluluwa. Pinag-aralan niya ang mga lihim na paggawa ng kalikasan, at ginagamit niya ang kaniyang kapangyarihan upang pamunuan ang mga elemento ayon sa ipinahihintulot sa kanya ng Diyos. Nang siya'y pahintulutang magpahirap kay Job, ay kaydaling pinalis niya ang mga kawan ng tupa at baka, mga alila, mga bahay, mga anak, sunod-sunod na dumating ang kabagabagan na mandi'y sa isang sandali lamang. Ang Diyos ang siyang nagsasanggalang sa Kanyang mga nilikha, at nagkakanlong sa kanila buhat sa kapangyarihan ng manglilipol. Datapuwa't ang Sangkakristiyanuhan ay nagpakita ng paghamak sa kautusan ng Diyos; at gagawin ng Panginoon ang sinabi Niya na kanyang gagawin-babawiin Niya ang Kanyang mga pagpapala sa lupa, at aalisin ang Kanyang pag-iingat doon sa mga naghihimagsik sa Kanyang kautusan at nagtuturo at namimilit sa mga iba na gumawa ng gayon din. Pinamamahalaan ni Satanas ang lahat ng hindi tanging iniingatan ng Diyos. Pasasaganain niya ang ilan upang maitaguyod ang kaniyang mga layunin; at dudulutan naman niya ng bagabag ang iba at papaniniwalain sila na ang Diyos ang siyang sa kanila'y pumighati.

Bagaman siya'y nag-aanyo sa mga tao na isang dakilang manggagamot na makapagpapagaling sa lahat nilang karamdaman, ay magdadala siya ng sakit at kapahamakan, hanggang sa maging kagibaan at maging basal ang mga bayang tinatahanan ng maraming tao.

Manggugulo Ituturo

AT kung magkagayo'y igigiit ng dakilang mandaraya sa mga tao na yaong mga naglilingkod sa Dios ang dahilan ng mga kasamaang ito. Ipararatang niyaong nagdala ng galit ng Dios ang lahat nilang kabagabagan sa mga taong ang pagsunod sa mga utos ng Dios ay patuloy na pagsansala sa mga sumusuway. Ipahahayag na ginagalit ng tao ang Dios dahil sa pagsuway nila sa kapangilinang Linggo; at ang salang ito ay nagdala ng mga sakuna na hindi titigil hanggang sa hindi mahigpit na ipag-utos ang pangingilin ng Linggo; at ang mga nagpapahayag na dapat sundin ang ikaapat na utos, na sa gayo'y sumisira sa paggalang sa Linggo, ay gumugulo sa bayan, na hinahadlangan ang kanilang pagbabalik sa lingap ng Dios at sa kaginhawahan sa buhay na ito. Ang

"Ang pangingilin ng Linggo ng mga Protestante ay pagbibigay galang bagaman sa kanilang sarili sa awtoridad ng Iglesiya Katoliko" ***Plain Talk About the Protestantism of Today*****, p. 213.**

kapangyarihang gumagawa ng kababalaghan na nahahayag sa pamamagitan ng Espiritismo ay gagamit ng kaniyang impluwensiya laban sa magpapasiyang susunod sa Dios kaysa sa tao. Ang mga pakikisangguni sa mga espiritu ay magsasabing isinugo sila ng Dios upang ipakilala sa mga tumatanggi sa Linggo ang kanilang kamalian, at magpapahayag na ang mga batas ng bayan ay kinakailangang sundin gaya ng kautusan ng Dios. Ikahahapis nila ang malaking kasamaan sa sanlibutan, at kakatigan nila ang patotoo ng mga tagapagturo ng relihiyon, na ang mababang kalagayang moral ay dahil sa paglapastangan sa Linggo. Magiging malaki ang poot sa mga hindi tatanggap sa kanilang patotoo. ❑

Satanás Magkukunwaring si Kristo

BILANG kawakasang yugto sa malaking dula ng pandaraya, si Satanas ay mag-aanyong Kristo. Malaon nang nagpapanggap ang iglesiya na naghihintay sa pagbalik ng Tagapagligtas at ito ang katuparan ng kanyang pag-asa. Ngayo'y ipalalabas ng dakilang mandaraya na dumating na si Kristo. Sa iba't-ibang dako ng sanlibutan ay magpapakilala si Satanas sa mga tao na may makaharing anyo na nakasisilaw ang liwanag at kahambing ng inilarawan ni Juan sa Apokalipsis ukol sa Anak ng Diyos. Ang kaluwalhatiang sa kaniya'y bumabalot ay hindi mahihigitan ng anumang nakita na ng tao. Ang sigaw ng tagumpay ay umalingawngaw sa himpapawid: "Dumating na si Kristo! Dumating na si Kristo." Nagpatirapa ang mga tao sa harap niya upang siya'y sambahin, habang itinataas niya ang kanyang mga kamay upang sila'y pagpalain, gaya nang pagpalain ni Kristo ang Kanyang mga alagad noong Siya'y narito sa lupa. Ang kanyang tinig ay malambot at maamo, ngunit may magandang himig. Sa mahinahon at maawaing pangungusap ay ilalahad niya ang ilang katotohanang siya ring binigkas ni Kristo; pagagalingin niya ang mga karamdaman ng mga tao, at pagkatapos, sa kaniyang paggaya sa likas ni Kristo ay sasabihin niyang binago na niya ang pangingilin mula sa Sabado sa Linggo, at pag-uutusan niya ang lahat na ipangilin ang araw na kanyang pinagpala.

Ipahahayag niyang yaong mapilit sa pangingilin ng ikapitong araw ay namumusong sa kanyang pangalan dahil sa pagtangging makinig sa mga anghel na isinugo sa kanila na may dalang liwanag at katotohanan. Ito ang malakas at halos di mapaglalabanang pandaraya. Gaya ng mga taga-Samaria na dinaya ni Simon Mago, ang mga karamihan mula sa kaliit-liitan hanggang sa kalaki-lakihan, ay makikinig sa mga pandarayang ito, na magsisipagsabi: "Ito ang dakilang kapangyarihan ng Diyos."

"Kinailangan ng Kapapahan ang halos buong 2,000 taon upang makamit nito ang kaniyang kondisyong georelihiyon...Na may politikal at geopolitikal na layunin at anyo? Oo, na may politikal at geopolitikal na layunin at anyo. Sapagka't sa huling banda, Si Juan Paulo II na nag-aangking Kahalili ni Kristo ay nag-aangking siyang huling korte ng kahatulan sa sosyedad ng mga bansa bilang isang lipunan" *Keys of This Blood*, Malachi Martin, p. 375.

Pagkilala sa Mandaraya

DATAPUWA'T ang bayan ng Diyos ay hindi maililigaw. Ang mga aral ng bulaang kristong ito ay hindi ayon sa Banal na Kasulatan. Pinagpala niya ang mga sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, na siya ring mga taong sinabi ng Banal na Kasulatan na bubuhusan ng poot ng Diyos na walang halong habag.

Ang Pabalita ng Ikatlong Anghel

"At ang ibang anghel, ang pangatlo, ay sumusunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, Kung ang sinoman ay sumasamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kaniyang noo, o sa kaniyang kamay ay iinom din naman suya ng alak ng kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman ng kaniyang kagalitan; at siya'y pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Cordero: At ang usok ng hirap nila ay napailanglang magpakailan kailanman; at sila'y walang kapahingahan araw at gabi, silang mga nagsisisamba sa hayop at sa kaniyang laraan, at sinomang tumatanggap ng tanda ng kaniyang pangalan." Apocalipsis 14:9–11.

Bukod dito, si Satanas ay di pinahintulutang gayahin ang paraan ng pagparito ni Kristo. Binabalaan ng Tagpagligtas ang Kanyang bayan laban sa pandarayang ito, at maliwanag Niyang ipinaliwanag ang paraan ng Kanyang ikalawang pagparito. "May magsisilitaw na mga bulaang kristo at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at kababalaghan; anupa't ililigaw, kung maaari, pati ang mga hirang...Kaya nga kung sa inyo'y kanilang sasabihin, narito, siya'y nasa ilang; huwag ninyong paniwalaan. Sapagka't gaya ng kidlat na kumikidlat sa silangan, at nakikita hanggang sa kalunuran ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao." Mateo 24:24-27, 31; 25:31; Apok.1:7; 1 Tesalonica 4:16, 17. Ang pagparitong ito ay hindi matutularan. Ito'y malalaman ng kalahatan at masasaksihan ng buong salibutan.

Ang Biblia Lamang

ANG tanging magliligtas sa makapangyarihang pandarayang bibihag sa sanlibutan ay yaong nagsipag-aral ng buong sikap sa Banal na Kasulatan at mayroong pag-ibig sa katotohanan. Sa pamamagitan ng patotoo ng Banal na Kasulatan ay makikilala nila ang mandaraya sa kanyang balatkayo. Darating sa lahat ang panahon ng pagsubok. Sa pamamagitan ng pagliliglig ay mahahayag ang tunay na Kristiyano. Ang bayan ba ng Diyos ay matibay nang nakatatag sa Kaniyang Salita na anupa't hindi sila maaanod sa ebidensya ng kanilang pakiramdam? Sila ba'y hahawak sa Biblia at sa Biblia lamang sa gayong krisis? Kung maaari ay hahadlangan sila ni Satanas na mahandang makatayo sa araw na yaon. Aayusin niya ang mga bagay-bagay upang masarhan ang kanilang daraanan, babalakidan sila ng mga kayamanan sa lupa, at padadalhin sila ng mabibigat at nakakapagal na pasanin, upang ang kanilang puso ay malugmok sa mga pasanin ng buhay na ito at darating ang araw ng pagsubok sa kanila gaya ng isang magnanakaw. ❑

"Ang lubusang layunin ng ekumenismo, ayon sa pagkaunawa ng Katoliko ay pagkakaisa sa pananampalataya at pagsamba, at pagkilala sa lubusang kapangyarihang espirituwal ng obispo ng Roma." Pari J. Cornell.

Ano ang Gagawin Ngayon

SA puntong ito ibaling natin ang ating paningin mula sa nakaraang kasay-sayan at sa hinaharap na krisis at isaalang-alang ang sentro ng mga bagay-bagay.

Maaari kang maging anak ng Diyos ngayon din kung nais mo. Ginawa na ng Diyos ang lahat na nararapat gawin, hanggang sa tanggapin mo ang Kaniyang ginawa. Gayon na lamang ang pag-ibig sa iyo ng Diyos "na ibinigay niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16.

Kapangyarihang Nakapagliligtas

IYO bang natanggap na ang handog? Ang lahat ng tatanggap sa Kaniya ay binibigyang kapangyarihang maging anak ng Diyos. "Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap ay binigyan ng kapangyarihang maging mga anak ng Dios maging ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan.." Juan 1:12. Ikaw ay pag-aari ng Diyos. Nilikha ka Niya kaya nga ikaw'y sa Kaniya rin sa pamamagitan ng paglikha. Tinubos ka Niya. Ikaw'y sa Kaniya sa pamamagitan ng pagtubos. Subali't hindi ka niya pipilitin, kailangang piliin mong maging Kaniya; kailangang kilalanin mo ang Kaniyang mga karapatan at ang iyong relasyon. Sa panahong magpasakop ka sa Kaniya ay ika'y magiging Kaniya.Basahin ang Roma 6:16. Sa panahong isuko mo sa Kaniyang patnubay ang iyong buhay sa panahon ding iyon ay Siya na ang namamahala. Ito ay minu-minutong paglakad na kasama ng Dios. Pinangungunahan Niya, ikaw'y Kaniyang anak. "Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios ay sila ang mga anak ng Dios." Roma 8:14.

Alam mo ba na ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan? "Ang sinomang nagkakasala ay sumasalangsang din naman sa kautusan: at ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan." 1 Juan 3:4. Basahin din ang Roma 5:13 at 7:7

Alam mo ba na ang ikapitong araw ang siyang Sabbath ng Panginoon? "At nang ikapitong araw ay nayari ng Dios ang kaniyang gawang ginawa; at nagpahinga ng ikapitong araw sa madlang gawa niyang ginawa. At binasbasan ng Dios ang ikapitong araw at kaniyang

Nagsalita Ang Roma

"Sa 100 pahinang na sulat ng papa kahapon sa isang bilyong Katoliko sa buong mundo ay hinimok niya ang kaniyang kawan na muling tuklasin ang LINGG0 sa pamamagitan ng tuwinang pagdalo sa Misa, ayon sa itinuturo ng KAUTUSAN NG IGLESIYA, at ihandog ang araw na ito sa Dios, sa pamilya at sa mabuting libangan. Na may kalungkutan dahil sa mababang bilang ng pagdalo ay ipinaalaala ng papa sa mga Katoliko na ayon sa pangkalahatang katesismo ng iglesiya, ang sadya at walang dahilang pagliban sa LINGGONG MISA ay 'malalang' kasalanan. Ang malalalang kasalanan ay nangangailangan ng kaparusahan na impiyerno malibang maikumpisal at mapatawad ng isang Katolikong pari." *Philadelphia Daily News*, July 8, 1998.

"Ginamit ng papa ang kaniyang lingguhang talumpati noong Linggo mula sa kaniyang bintana sa St. Peter's Square upang himukin ang mga miyembro ng iglesiya na magkaroon ng panahon upang ipangiling banal ang Sabbath...'Ang LINGGO ay itinuturing na lamang na katapusan ng isang linggo,' ang may kalungkutang binigkas ng papa noong Linggo. 'Ito'y nararapat maging lingguhang araw na kung saan ipagdiriwang ng iglesiya ang pagkabuhay na maguli ni Krsito. Bilang pagsunod sa ikatlong utos, ang LINGGO ay nararapat pakabanalin, higit sa lahat sa pamamagitan ng paglahok sa Banal na Misa" *Detroit News*, Martes July 7,1998

"Ang LINGGO ay araw na siyang nasa sentro ng Kristiyanong pamumuhay. Mula sa pasimula ng aking pagkapapa ay hindi ako tumigil sa pagsasabing: 'Huwag matakot! Buksan, buksang malawak ang mga pintuan para kay Kristo! Sa gayon ding paraan ngayon ay MALAKAS NA HINIHIMOK KO ANG LAHAT NA MULING TUKLASIN ANG LINGGO: Huwag kang matakot na ibigay ang iyong panahon kay Kristo.' Papa Juan Paulo II sa kaniyang Apostolic Letter 'Dies Domini' na ipinadala sa lahat ng mga Katoliko."

Nagsalita ang Biblia

"Huwag mong ISIPING ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin" Mateo 5:17

"At siya'y (ang papa) magbabadaya ng mga salita laban sa Kataastasan; at lilipulin niya ang mga banal ng Kataastasan; at KANIYANG IISIPING BAGUHIN ANG PANAHON AT ANG KAUTUSAN at sila'y mangabibigay sa kaniyang kamay hanggang sa isang panahon, at mga panahon at kalahati ng isang panahon." Daniel 7:25.

"**Ang mga saserdote niyaon ay nagsigawa ng pangdadahas sa aking kautusan**, at nilapastangan ang aking mga banal na bagay: sila'y hindi naglagay ng pagkakaiba sa banal at karaniwan, o kanila mang pinagmunimuni ang mga tao sa marumi at sa malinis, **at ikinubli ang kanilang mga mata sa aking mga sabbath at ako'y nalapastangan sa gitna nila.**" Ezekiel 22:26.

"Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain: Nguni't ang IKAPITONG ARAW AY SABBATH SA PANGINOON MONG DIOS sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa..." Exodo 20:8-11. Ang ikapitong araw ay SABADO hindi Linggo!

ipinangilin, sapagka't siyang ipinagpahinga ng Dios sa madlang gawang kaniyang nilikha at ginawa." Génesis 2:2–3. Basahin din ang Éxodo 20:8–11.

Bagong Kapanganakan

SA pamamagitan ng pagtingin at pagsalat ay lumilikha tayo ng ugnayan sa ating mga kaibigan. Kay Jesus ay nakikipag-ugnay tayo sa pamamagitan ng pag-iisip. Naniniwala ka ba sa Salita ng Dios? Nananampalataya ka ba nang buong puso? Basahin ang Roma 10:10. "Kaya nga ang pananampalataya'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo." Roma 10:17 Kung magkagayon ang pananampalataya ay nagmumula sa pag-aaral ng Salita ng Dios. Basahin ang Apocalipsis 14:12. Nararapat tayong mag-aral upang makaharap tayong katanggap-tanggap sa Dios, at sundin ang pangkasalukuyang katotohanan. Basahin ang 2Timoteo 2:15. Kung magkagayon ang Salitang iyon (sa ating puso) ang siyang pasimula ng bagong buhay, na siyang "bagong kapanganakan". 1 Pedro 1:23. Kaya nga magpatuloy kang uminom ng gatas ng Salita at kung magkagayon ay, "lumago". Basahin ang 1 Pedro 2:2. Huwag mong hintayin ang kung anong pakiramdam. Manampalataya ka sa Dios sa pamamagitan ng Kaniyang Salita kahit anupaman ang iyong pakiramdam..

Nalinis Na Ngayon

SA pamamagitan ng pagsunod natin sa kautusan ng Dios, ang pag-ibig natin sa Kaniya ay naihahayag. "At sa ganito'y nalalaman natin na siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang kaniyang mga utos. Ang nagsasabing, Nakikilala ko siya, at hindi tumutupad ng kaniyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kaniya; Datapuwa't ang sinomang tumutupad ng kaniyang salita, tunay na sa kaniya ay naging sakdal ang pag-ibig ng Dios Dahil dito'y nalalaman nating tayo'y nasa kaniya." 1 Juan 2:3–5. Ano man ang iyong nais hingin mo sa Dios at pasalamatan mo Siya. Ngayon ito'y sa iyo na. Basahin ang Marcos 11:24. Siyempre nararapat na humingi ka ayon sa kalooban ng Dios. Basahin ang 1 Juan 5:14–15.

Sabi ng Panginoon: "Ikaw'y lilinisin ko." "Bibigyan ko kayo ng bagong puso." "Aking ilalagay ang aking Espiritu sa inyo." Ezekiel 36:25–27. Hilingin mo ito sa Panginoon. Pasalamatan mo na ito'y naganap, sapagka't Kaniyang ipinangako. Ikumpisal mo ang iyong mga sala sa Kaniya. Humingi ka ng tawad sa Kaniya. Magpasalamat ka na ito'y Kaniyang ginawa. 1 Juan 1:9; Mateo 7:7, 11; Filipos 4:6, 19. Ang Biblia ay puno ng mga pangako ukol sa simpleng planong ito-ang lahat ng ito'y sa iyo.

Paglakad Kay Kristo

NAIS ba ng Dios, minamahal na bumabasa, na ikaw'y maging Kaniyang anak? Ang sagot ay, Oo, Oo, Oo! Ang tanong ngayon ay, Minamahal na bumabasa, nais mo bang maging anak ng Dios? Kung ang iyong sagot ay Oo, kung magkagayon sa pamamagitan ng awtoridad ng salita ng Dios, ikaw'y anak ng Dios. Ilagay mo ang iyong kamay sa Kaniyang kamay at manatili ka sa Kaniya. **"Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pagiisip ay sumasa iyo: sapagka't siya'y tumitiwala sa iyo. Magsitiwala kayo sa Panginoon magpakailanman: sapagka't nasa Panginoong Jehova ang walang hanggang bato."** Isaías 26:3–4. ❑



"Inyong hanapin ang Panginoon samantalang siya'y masusumpungan, magsitawag kayo sa kaniya samantalang siya'y malapit." Isaias 55:6

Minamahal na bumabasa, ano ang iyong gagawin?

Dakilang Tunggalian

HINGIN ngayon ang walang bawas na tatlumput-pitong kapitulong aklat na kung saan kinuha ang karamihan ng nilalaman ng babasahing ito.

Saliksikin ang mga usapin ukol sa mga likod sa tabing na pagtutunggali sa pagitan ng puwersa ng mabuti at ng masama. Binibigyang diin sa aklat na ito ang mga pangunahing pangyayari sa buong kasaysayan ng Sangkakristiyanuhan na magtatapos sa nakagugulat at mabilis na dumarating na wakas. Puno ng kasaysayan at ayon sa Bibliang mga katunayan. Isinasalaysay dito.



ang nakaraan, ang kasalukuyan at ang mga nakagugulat na mangyayari sa hinaharap, gayon din ang kinakailangang kaalaman upang makapaghanda. Sumulat na ngayon din. Ang iyong kaligtasan ay nakasalalay sa mga desisyong iyong gagawin ngayon.

LIBRENG BIBLE STUDIES

Kung ikaw'y naghahanap ng kasagutan sa lahat ng mahahalaga at nakababagabag na mga paksang ito, magpadala ka ng sulat na humihingi ng libreng Bible Study course. Ito'y walang bayad. Dito'y masusumpungan mo ang mga simple at madaling maunawaang katotohanan na makatutulong sa iyong magkaroon ng malawak na pagkaunawa sa Biblia. Sumulat na ngayon.

Ipadala ang iyong mga katanungan at kahilingan sa:

Firm Platfrom Ministry
PO Box 1131 MCPO 1251
Makati City, Philippines

HULING BABALA SA SANLIBUTAN

ANG kapayapaan sa lupain" ay temang bantog minsan sa bawa't taon sa panahong ipinagdiriwang ng Sangka-kristiyanuhan ang Pasko. Sa katotohanan, ang mga mabubuting tao saanman ay walang nais kundi ang magkaroon ng kapayapaan sa lupa upang kanilang malasap ang ligaya ng pamilya, pananam-palataya, mga kaibigan, at ang bunga ng tapat na paggawa. Subali't tila baga napakailap ng pansan-libutang kapayapaan!

Ang sanlibutan sa nakalipas ay nakaranas ng iba't-ibang panahon ng politikal at sosyal na kapahingahan sa panahon ng pansanlibutang kahariang gaya ng sa Babilonia, Medo-Persia, Grecia, at Roma. Pinatutunayan ng kasaysayan na sa pagbagsak ng kaharian ng Roma, ang Europa ay nahiwalay sa sampung mga bansa. Sa maraming nagdaang mga taon, libo at maging milyong mga tao ang napahamak nang ang iba't-ibang malalakas na mga tao ay sumubok nang walang tagumpay na ito'y maisauling muli.

Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay ipinaglaban nang may layunin na "bigyang wakas ang digmaan".Ang kawalang saysay ng layuning iyon ay malinaw na napatunayan ng pagkasunog ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang tunay na pandaigdig na digmaang ito ay natigil lamang sa pamamagitan ng pagkatuklas at paggamit ng nakalilitong kapangyarihan ng nuklear na pagsabog. Sa pagdating ng atomik na panahon ang tao ay nakalikha ng mga sandatang panglipol na makapangyarihan at katakot-takot na anupa't tayo'y natatakot na ang ano mang alitan ay maaaring magdala ng isang nuklear na



Ilang Superpowers Pa Ang Naiiwan?

holocaust na may posibilidad ng paglipol ng buhay sa planetang ito.

Ang kapayapaan bilang resulta ng takot sa mutwal na paglipol ay napatunayan ding hindi uliran. Bagaman sa pagbabanta ng nuklear na paglipol ang sanlibutan ay nakamalas ng maraming maliliit na digmaan ng armas at ilang malalaking digmaan, gaya ng sa Korea, Vietnam, at Afghanistan. Ang dalawang dakilang kapangyarihan-Russia at Estados Unidos-ay umurong nang may pagkainis mula sa mga digmaang hindi nila mapanalunan sa pamamagitan ng pangkaraniwang sandata subali't kung saan sila'y takot na gumamit ng nuklear na sandata.

Isang titulo sa kamakailang nailathalang aklat *The Keys of This Blood*, (paperback edition), ay nagpapahayag ng hanay ng mga pangyayaring nakatakdang magbabago sa sanlibutan magpakailanman. Tinutukoy dito ang mga pangunahing manlalaro at ang kanilang pangunahing layunin. Ang subtitulo ng aklat ay: "Papa Juan Paulo II laban sa Russia at Kanluran para sa kontrol ng New World Order".

Ang awtor ng aklat, Malachi Martin, isang Jesuita at Vatican insider ay may maka-papang pananaw ukol sa labanang ito para sa kontrol sa sanlibutan. Ang aklat ay nagbibigay ng ilang tiyak na hula ukol sa hinaharap ng sanlibutan, at ipinaliliwanag dito ang mga plano ng Vatican upang kontrolin ang sanlibutan.

Isa sa hula ay inilalarawan ang plano ng papa na alisin ang USSR. Ang katuparan ng hulang iyan ay isa nang nakatalang kasaysayan. Ang mga pahayagan sa buong mundo ay nagpapatunay sa malaking bahaging ginampanan ng papa sa pagbuwag ng Komunismo na sinisimbolohan ng pagbagsak ng Berlin Wall noong Nobiembre 9,1989.

Ngayon na ang Soviet Union ay bahagi na lamang ng kasaysayan, ang mga manlalarong naiiwan sa labanang ito upang impluwensiyahan at maging kontrolin ang hinaharap ng sangkatauhan ay ang Estados Unidos, ang United Nations at si Papa Juan Paulo II. Hindi pa tiyak kung ang Komunismong Tsina ay magkakaroon ng geopolitikal na agenda..

Ang katunayang ang isang Jesuit na awtor ay naghuhulang ang New World Order ay nalalapit ay hindi sapat na dahilan upang mabahala. Ang nakapagdadala ng pagkabahala ukol sa mga usapin na ipinaliliwanag sa aklat na *The Keys of This Blood* ay ang pagkakahambing sa mga hulang naisulat sa Biblia mahigit 2000 taon na ang nakalilipas..

Hanggang saan makakaabot ang papa, ang Estados Unidos at/o ang United Nations upang makapagdala ng katahimikan sa tila walang tigil na kaguluhan sa sanlibutan ngayon? Ano'ng mga paraan ang gagamitin sa pagsisikap na magdala ng kapayapaan sa kalagitnaan ng kasalukuyang magulong sosyal, politikal, at relihiyosong sanlibutan? Ang New World Order ba o gobyerno ay maitatatag sa ating panahon upang maisauli ang katibayan ng nagdaang pansanlibutang emperyo? Tayo'y hindi iniiwang manghuhula ukol sa mahahalagang mga tanong na ito. Ang kasaysayan at ang hula ay ipinagsama upang magbigay ng nakagugulat at nakagigising na pagkaunawa sa nakayayanig sa lupang mga pangyayaring nalalapit sa atin at sa buong sanlibutan. ❑